



## Kodigo ng Asal at Etika sa Negosyo

# Talaan ng Nilalaman

Liham mula sa Chairman	2
Kahusayan sa Lugar na Pinagtatrabahuhan at Kodigo ng Asal at Etika sa Negosyo ng FedEx	3
Ugaling Naaayon sa Batas at Etika	5
Patakarang Bukas na Pinto	8
Pantay na Pagkakataon at Mga Patakaran Laban sa Panggigipit	9
Kalusugan, Kaligtasan at Kapaligiran	10
Mga Karapatang Pantao	12
Mga Salungatan ng Interes	13
Mga Oportunidad na Pangkorporasyon	16
Mga Regalo, Paglilibang, Pautang o Iba Pang Mga Pabor	17
Mga Hindi Wastong Pagbabayad at Panunuhol	19
Mga Kontrol sa Kalakalang Pandaigdig	21
Pagpigil sa Paglilinis ng Pera	22
Pagprotekta at Paggamit ng Mga Kagamitan ng Kumpanya	23
Kumpidensyal na Impormasyon, Pagkapribado at Pagprotekta ng Data at Mga Kahilingan ng Media	25
Pangangalakal sa Impormasyong Panloob	27
Mga Aktibidad at Kontribusyong Pampulitika	28
Mga Batas sa Antitrust at Iba Pang Kumpetisyon ng U.S.	29
Panloob na Pag-uulat at Mga Kontrol; Pagpapanatili ng Mga Rekord	31
Pag-uulat na Pangkorporasyon at Paghahayag sa Publiko ng Impormasyon ng Korporasyon	32
Mga Ulat Tungkol sa Accounting, Mga Isyu ng Pag-audit at Pandaraya	33
Pag-uulat ng Mga Alalahanin; Alert Line ng FedEx	34
Walang Paghihiganti	36
Mga Waiver	37
Pagpapatupad	38
Pangwakas na Payo	39

# Liham mula sa Chairman



Ang ating reputasyon ay isang mahalagang katangian na pang-istratehiya, at nakadepende sa ating lahat na protektahan at pagandahin ito. Sa kapaligiran sa ngayon, hindi matatawaran ang matibay na reputasyon ng ating korporasyon.

Matagal nang umiiral ang ating paninindigan sa pagsunod sa batas saanman tayo nagsasagawa ng operasyon at sa pagpapanatili ng mataas na pamantayan ng mga etikang pangnegosyo at pampersonal. Malinaw na isinasaad sa ating Pagpapahayag ng Misyon ng Korporasyon na, "Isasagawa ang mga aktibidad ng korporasyon sa mga pinakamataas na pamantayan ng etika at propesyon."

Inaasahan ang bawat direktor, opisyal at empleyado ng FedEx na sumunod sa lahat ng patakaran sa Kodigo ng Asal at Etika sa Negosyo na ito. Ang mga third party na gumaganap ng mga serbisyo sa ngalan ng FedEx ay inaasahan ding kumilos nang ayon sa mga prinsipyong itinakda alinsunod sa Kodigo.

Pakibasa ang Kodigong ito upang magkaroon ng magagamit na kaalaman sa mga batas at regulasyon na direktang nakakaapekto sa iyong trabaho. Dahil hindi masakop ng Kodigo ang bawat sitwasyon, mahalagang basahin mo rin ang iba pang mga patakaran, manual at aklat-gabay ng FedEx kasabay ng Kodigong ito. Higit sa lahat, huwag mag-atubiling magtanong sa iyong tagapangasiwa, contact sa kumpanya o sa isang abogado ng FedEx upang mapayuhan ka bago gumawa ng isang pagpapasya

Kung naniniwala kang may naganap na paglabag sa batas o etika, tungkulin mong iulat ito sa iyong tagapangasiwa, contact sa kumpanya, legal o human resources department, o sa Alert Line ng FedEx. Ipinagbabawal ng ating patakaran ang anumang uri ng pagganti laban sa iyo dahil sa pagtupad sa obligasyong ito.

Karagdagang responsibilidad ng ating mga opisyal, direktor at tagapangasiwa na isulong ang mga prinsipyo sa Kodigong ito at pangalagaan ang kulturang nagpapahalaga sa pinakamataas na pag-uugaling etikal sa lahat ng kasapi ng pangkat. Ang ating paninindigan sa paggawa ng wastong bagay ay nakadepende sa kanilang kakayahang mapangasiwaan kaagad ang mga pinaghihinalaang paglabag, nang may pag-iingat at respeto.

Maraming salamat sa paglalaan ng oras na basahin, unawain at sundin ang Kodigong ito, at sa iyong patuloy na dedikasyon sa brand at reputasyon ng FedEx. Ang paninindigan sa mga pinakamataas na pamantayan ng etika at propesyon ay isang mahalagang bahagi ng paghahatid ng ating Lilang Pangako na gawing katangi-tangi ang bawat karanasan sa FedEx. Integridad ang susi sa tagumpay ng ating kultura at hinaharap.

Taos-puso,

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'F. W. Smith', written in a cursive style.

Frederick W. Smith  
Chairman, Presidente at Chief Executive Officer

# Kahusayan sa Lugar na Pinagtatrabahuhan at Kodigo ng Asal at Etika sa Negosyo ng FedEx

Nagbibigay ang Kodigo ng Asal at Etika sa Negosyo ng FedEx ng mga alituntunin upang tiyakin na ang ating pag-uugali sa trabaho ay etikal at sumusuporta sa nakamit na reputasyon ng FedEx bilang isa sa mga pinakalabis na hinahangaang brand sa buong mundo. Patuloy na kinikilala ang FedEx sa buong mundo bilang isa sa mga kumpanya kung saan pinakamagandang magtrabaho. Bagama't nagbibigay ang Kodigo ng patnubay para sa isang hanay ng mga sitwasyon sa lugar na pinagtatrabahuhan, maibubuod ang matataas na pamantayang naglalarawan sa kapaligiran ng ating trabaho sa ilang simpleng prinsipyo.



## Respeto para sa ating mga CUSTOMER

Nakikinig tayo sa mga customer at nagsisikap para sa kahusayan sa lugar na pinagtatrabahuhan na nagbibigay-daan sa ating matugunan ang kanilang mga pangangailangan at malampasan ang kanilang mga inaasahang makamit.

## Respeto para sa ating mga KATRABAHO

Nililinang natin ang mga kasapi ng pangkat na maging ganado at epektibo sa pamamagitan ng pangangalaga ng isang ligtas na lugar na pinagtatrabahuhan na may pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba, pagkakaisa at dignidad ng indibidiwal.

## Respeto para sa ating KUMpanya

May responsibilidad tayo sa kung paano sinasalamin ng ating mga pagkilos ang reputasyon ng kumpanya at sa masinop na paggamit ng mga kagamitan ng kumpanya.

## Respeto para sa mga KOMUNIDAD

Sinusuportahan natin ang mga komunidad kung saan tayo nagnenegosyo at kumikilos bilang mga responsableng mamayan sa buong mundo.

Bigyang-daan ng mga simpleng prinsipyong ito ang bawat isa sa atin upang maihatid ang Lilang Pangako sa ating mga customer at sa bawat isa.

Karamihan sa mga pagpapahayag ng patakaran sa Kodigong ito ay sinusundan ng isa o higit pang tanong at sagot. Isinama ang mga Tanong at Sagot upang bigyang-linaw ang mga patakaran at tukuyin ang iba't ibang isyung maaari mong makaharap sa iyong trabaho.

**T: Nalalapat ba ang Kodigo sa lahat sa FedEx?**

**S:** Oo. Nalalapat ang Kodigo sa bawat opisyal, direktor, tagapangasiwa at empleyado ng FedEx Corporation at mga subsidiary nitong kumpanya sa buong mundo. Dapat mong basahin ang Kodigong ito kasama ng anumang iba pang patakaran, manual, aklat-gabay ng FedEx na nalalapat sa iyong trabaho. Maaaring may mga patakaran ang pinagtatrabahuhan mong kumpanya na pinapatakbo ng FedEx na bahagyang naiiba sa mga pagpapahayag sa Kodigong ito. Sa naturang sitwasyon, dapat mong sundin ang patakarang higit na naghihigpit o humingi ng patnubay mula sa legal department ng iyong kumpanya.

**T: Nalalapat ba ang Kodigo sa mga kontraktor?**

**S:** Nalalapat ang ilang partikular na may kaugnayang probisyon ng Kodigong ito sa mga third party na gumaganap sa mga serbisyo sa ngalan ng FedEx ("Mga Kontraktor") sa sukdulang itinakda alinsunod sa kanilang mga partikular na kasunduan sa FedEx at pinahihintulutan sa ilalim ng naaangkop na batas. Ang mga termino ng anumang naturang kasunduan o naaangkop na batas ay ilalapat kung mayroong salungatan sa Kodigong ito. Sa anumang kaganapan, inaasahan sa lahat ng Kontraktor at mga empleyado nito ang pagtaguyod sa mga pinakamataas na pamantayan sa etika ng negosyo at pagtiyak sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas. Para sa mga kontraktor na nangangailangan ng higit pang impormasyon hinggil sa patakaran ng Kodigong itong, dapat idirekta ang mga tanong sa kanilang pangunahing contact sa FedEx ("Contact sa Kumpanya") o sa legal department.

**T: Ang Kodigo ba ay isang kontrata?**

**S:** Ang Kodigo at mga patakarang inilalarawan dito ay hindi isang kontrata sa trabaho. Bukod pa rito, walang ituturing sa Kodigong ito na lumilikha ng ugnayang employer-employado sa pagitan ng FedEx at Mga Kontraktor o tauhan ng mga ito. Hindi lumilikha ang FedEx ng anumang karapatan sa kontrata sa pamamagitan ng paglalabas ng Kodigong ito. Maaaring baguhin ng FedEx ang Kodigo at iba pang mga patakaran, manual, aklat-gabay, alituntunin at kaugnay na pamamaraan ng FedEx anumang oras.

**T: Sino ang dapat kong kausapin kung may mga tanong ako tungkol sa Kodigo?**

**S:** Ang mga tanong na may kaugnayan sa bagay na sakop ng Kodigo ay dapat idirekta sa iyong tagapangasiwa, legal o human resources department ng iyong kumpanya o sa Corporate Integrity & Compliance Department sa [integrity@fedex.com](mailto:integrity@fedex.com). Maaari din silang magbigay ng karagdagang kopya ng Kodigong ito. Upang mag-download ng kopya ng Kodigong ito, pumunta sa <http://corpcomm.web.fedex.com/CorpComm/AlertLine.html> o sa seksyong Pamamahala at Pagkamamamayan ng Web site ng mga ugnayan ng mamumuhunan ng FedEx sa <http://investors.fedex.com>.

Nalalapat sa lahat sa FedEx ang Kodigo ng Asal at Etika sa Negosyo.



# Ugaling Naaayon sa Batas at Etika



Hindi lamang kritikal para sa patuloy na tagumpay ang ugaling naayon sa batas at etika, ito ay kinakailangan. Dapat tayong sumunod sa mga batas at regulasyong iyon kaugnay ng ating asal sa negosyo. Bukod pa rito, dapat nating iwasan at iulat ang anumang aktibidad na nag-uugnay sa, o maaaring humantong sa pagkakaugnay ng, FedEx sa anumang gawain na maaaring labag sa batas. Ayon sa nararapat, dapat nating unawain ang mga batas at regulasyong may kaugnayan sa ating trabaho at sundin ang mga kinakailangan sa batas ng mga bansa kung saan tayo nagtatrabaho.

Naaapektuhan ng ilang batas ang lahat, tulad ng mga bagay na may kinalaman sa pantay na oportunidad sa trabaho at sa kalusugan at kaligtasan sa panahon ng pagtatrabaho. Pangunahing naaapektuhan ng ibang mga batas ang mga empleyado at Kontraktor sa mga partikular na tungkulin, tulad ng mga tungkuling may kinalaman sa operasyon ng ating network sa transportasyon, pag-uulat ng pananalapi at serbisyo sa customer. Maaaring kumplikado ang mga batas na namamahala sa ating mga aktibidad, ngunit hindi dahilan ang ating kakulangan ng kaalaman sa batas upang hindi natin gampanan ang ating obligasyong sumunod. Humingi ng payo sa iyong mga tagapangasiwa, Contact sa Kumpanya o legal department ng iyong kumpanya kung hindi malinaw sa iyo ang tungkol sa mga batas o regulasyong iyon na may kaugnayan sa iyong trabaho.

Bilang karagdagan sa pagsunod sa batas, dapat tayong manindigan sa pamantayan sa etika at sa iba pang mga pamantayang itinakda alinsunod sa Kodigong ito. Nagsisikap ang FedEx upang isagawa ang lahat ng mga aktibidad na pangnegosyo nito sa pamamaraang nakaayon sa mga pinakamataas na pamantayan ng integridad at ugaling etikal. Dapat nating tiyakin na kumikilos tayo nang naayon sa batas at etika sa lahat ng pagkakataon, kahit na magresulta ito sa pagkalugi ng ating negosyo o pagkawala ng mga kita sa maikling panahon. Ang ugaling naayon sa batas at etika ay nasa ating pinakamahusay na interes sa pangmatagalang panahon, dahil pinapanatili nito ang ating mahusay na reputasyon sa pagiging mapagkakatiwalaan at maaasahan. Ang wastong asal sa negosyo ay humihikayat ng katapatan mula sa ating mga kasapi sa pangkat, supplier at customer at pinangangalagaan nito ang isang

ugnayang parehong kapaki-pakinabang sa pagitan ng FedEx at mga komunidad kung saan ito nagsasagawa ng operasyon.

Inaasahan tayong gumawa ng matinong pagpapasya at magpakita ng hindi nakokompromisong antas ng integridad, responsibilidad at asal sa propesyon sa pagganap ng ating mga responsibilidad. Dapat tayong maging bukas, tapat at totoo sa ating mga pakikiharap sa, at dapat igalang ang mga karapatan ng mga, customer, opisyal ng pamahalaan, publiko, supplier, kalaban sa negosyo, kapwa empleyado at Kontraktor. Hindi natin dapat samantalain ang sinuman sa pamamagitan ng manipulasyon, pandaraya, pagtatago, pang-aabuso ng kumpidensyal na impormasyon, maling interpretasyon ng mga material fact o anumang iba pang naturang gawain na sinadya. Hindi rin tayo dapat makibahagi o tumulong sa pagpapadali ng anumang ilegal na gawain ng iba. Dapat tayong pumanig sa lahat ng pagkakataon, sa paggawa ng bagay na naayon sa batas at etika, sa pagpapamalas ng kahalagahan sa pagiging matapat, makatarungan, maaasahan, magalang at mapagkakatiwalaan. Ang pagkakaroon ng integridad at pagsunod ay responsibilidad ng bawat miyembro ng pangkat at mga pangunahing elemento sa lahat ng mga pang-administratibong tungkulin.

Naglalaman ang Kodigong ito ng mga pagpapahayag ng patakaran at mga buod para sa maraming pangunahing sakop ng asal na pangnegosyo at pampersonal. Bagama't tinatalakay nito ang ating mga pangunahing isyung binibigyang-pansin, may iba pang mga partikular na patakarang makikita rito na dapat nating basahin at unawain. Halimbawa, dapat sumangguni ang mga empleyado ng FedEx Express sa, kasama ng iba pang mga bagay, mga patakarang nilalaman sa Ang Manual para sa Mga Tao at Ang Manual sa Kita. Dapat sumangguni ang Mga Kontraktor sa mga tuntunin ng kanilang mga kontrata sa FedEx, gayundin sa kanilang sariling mga panloob na patakaran at pamamaraan. Mahalaga rin ang pagpapanatili ng bukas na ugnayan sa pagitan ng mga empleyado at tagapangasiwa, pagkakaroon ng mga produktibo at propesyonal na pakikipag-ugnayan sa mga empleyado at iba pang mga kumpanya ng FedEx at paggawa ng matinong pagpapasya at pagkakaroon ng integridad sa lahat ng pagkakataon.

## Mga Natatanging Responsibilidad ng Mga Tagapangasiwa ng FedEx — May

responsibilidad ang mga tagapangasiwa sa pagsulong nila at ng kanilang mga empleyado ng prinsipyo sa Kodigong ito. Dapat magkaroon ang lahat ng tagapangasiwa ng FedEx ng matatag na angking integridad at inaasahan silang kumilos nang ayon sa huwaran at matapat na pag-uugali. Kung ikaw ay nasa isang posisyon sa pangasiwaan, mayroon kang natatanging responsibilidad na ipamalas ang iyong sarili sa paraang naaayon sa mga prinsipyong itinakda alinsunod sa Kodigong ito. Nagsisilbi kang ehemplo sa iyong mga empleyado at ang iyong mga pagkilos ay tinitingnan at tinutularan ng mga taong nag-uulat sa iyo.

*Ang impresyong ipinapamalas mo sa iyong araw-araw na pagkilos ay ang iisang pinakamahalagang salik sa paglilinang ng isang kultura kung saan kumikilos ang iyong mga empleyado nang sumusunod sa mga prinsipyong itinakda alinsunod sa Kodigong ito.*

### Bilang isang pinuno, dapat mong:

- Tiyakin na nabasa at naunawaan ng mga nag-uulat sa iyo ang Kodigo
- Asahan, pigilan at tukuyin ang mga pananagutan sa pagsunod
- Ipatupad ang Kodigo at mga kaugnay na patakaran at pamamaraan sa lahat ng pagkakataon
- Tiyakin na wala sa iyong mga empleyado ang gumaganti laban sa mga nagsusumbong nang may malinis na hangarin
- Gawin ang naaangkop na superbisyon at pamamahala upang tiyakin ang pagsunod sa Kodigo sa lugar na sakop ng iyong responsibilidad
- Lulat at asikasuhin kaagad ang anumang paglabag sa pagsunod o pagiging mahina, kasama ang pagpapatupad ng naaangkop na parusa
- Linangin ang isang kultura kung saan kumportable ang mga kasapi ng pangkat sa pag-uulat ng mga alalahanin at pagdudulog ng mga isyu – kasama rito ang pagsusulong ng Patakarang Bukas na Pinto ng Kodigo at pagsuporta sa iyong mga empleyado na, sa malinis na hangarin, ay nagdudulog ng mga isyu at alalahanin

**T:** Bawat taon, tinataasan ng FedEx ang pamantayan para sa pagganap, at para kaming laging naghahabol sa paggawa ng lahat ng aming makakaya upang makamit ang mas mahuhusay na resulta. Sumasalungat ba ang mga obligasyong ito na tugunan ang mabibigat na layunin sa negosyo at pananalapi sa aking mga obligasyon sa ilalim ng Kodigong ito?

**S:** Hindi. Ang mga kapakanan ng kumpanya ay hindi kailanman pinagtatrabahuhan sa pamamagitan ng mga ilegal at hindi naaayon sa etikang gawain sa negosyo. Ang ating reputasyon ay pangunahing binuo sa pagtitiwala, at isa ang FedEx sa mga labis na pinagkakatiwalaang brand sa buong mundo. Lubhang mahalaga ang pangangalaga sa mga pinakamataas na pamantayan sa etika at propesyon para sa pagpapanatili ng mahalagang tiwala na ito.

**T:** Ang pangkat ko sa FedEx ay mayroong supplier sa matagal nang panahon na lagi naming binabayaran sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo ng tseke sa mga headquarter ng supplier sa Scranton, Pennsylvania. Para sa pinakabagong nakatakdang pagbabayad, hiniling sa akin ng supplier na ipadala ang bayad sa kanya sa pamamagitan ng isang wire transfer sa isang account na nakapangalan sa isang kumpanya sa British Virgin Islands sa isang bangko sa Bahamas. Dapat ba akong maghinala?

**S:** Oo, dapat kang magduda kung bahagi ng isang transaksyon ang paglilipat ng pera sa o mula sa mga bansa o entity na walang kaugnayan sa transaksyon o walang lohika para sa kabilang partido. Ang mga kahilingan upang ilipat ang pera sa mga third party ay nagdudulot din ng pagdududa na kailangang imbestigahan upang matiyak ang pagiging lehitimo ng transaksyon. Bago magpatuloy, sumangguni sa iyong tagapangasiwa o sa legal department ng iyong kumpanya. Sa anumang sitwasyon, kung may bagay na mukhang hindi tama, dapat kang magsalita.

# Ugaling Naaayon sa Batas at Etika

**T:** Masyadong kumplikado ang iba't ibang batas at sinasakop ng mga ito ang maraming iba't ibang bahagi, paano ko masisigurado na hindi ko malalabag ang ilang teknikalidad? Higit pa rito, paano ko mauunawaan ang lahat ng ito? Hindi ako isang abogado.

**S:** Panghawakan mo ang iyong sariling pagpapasya. Kung kinukutuban ka sa isang bagay na parang mali, magtanong muna bago kumilos. Mayroon ka ring obligasyon na unawain ang mas pinong detalye ng mga panuntunang nangangasiwa sa iyong trabaho. Pamilyar ang iyong tagapangasiwa sa mga kinakailangan sa iyong trabaho at pamilyar ang legal department ng iyong kumpanya sa mga nakasulat na patakarang nalalapat sa iyong kumpanyang nagsasagawa ng operasyon. Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa kanila kung kailangan mo ng paglilinaw o patnubay.

**T:** Ano ang dapat kong gawin kung mayroong salungatan sa pagitan ng pakataran ng FedEx at ng batas sa isang bansa kung saan ako nagtatrabaho?

**S:** Layunin nating sumunod sa lahat ng lokal na batas at manindigan sa mga pinakamataas na pamantayan ng integridad at etika saanman sa buong mundo. Hindi ibig sabihin na dahil maaaring mas kaunti ang paghihigpit ng mga batas ng isang partikular na bansa sa ilang bagay kaysa sa mga batas sa U.S. ay maaari nang malabag ang mga patakarang ng FedEx. Gayundin, hindi ibig sabihin na dahil maaaring mas kaunti ang mga paghihigpit ng mga patakarang ng FedEx kaysa sa mga batas ng isang partikular na bansa ay maaari nang malabag ang mga batas ng bansang iyon, kung saan naaangkop. Responsibilidad ng mga tagapangasiwa ng FedEx, Mga Contact sa Kumpanya at legal department ng iyong kumpanya na magbigay ng malinaw na tagubilin kung paano haharapin ang anumang salungatan sa pagitan ng isang lokal na batas o kaugalian at isang patakarang ng FedEx. Kung malaman mong umiiral ang isang salungatan na hindi natugunan ng iyong tagapangasiwa, dapat mo itong ipabatid kaagad sa kanya. Kung kailangan mo ng karagdagang patnubay, makipag-ugnayan sa legal department ng iyong kumpanya. Mahalagang may kaalaman ang FedEx sa anumang sitwasyon kung saan maaaring salungat ang ating mga gawi sa ipinag-uutos ng lokal na batas.



Itinataguyod ng FedEx ang mga pinakamataas na pamantayan ng integridad at ugaling etikal.



# Patakarang Bukas na Pinto

Hinihikayat kang ipaalam ang iyong mga ideya at alalahanin nang direkta sa pangasiwaan o sa iyong Contact sa Kumpanya. Mahalagang magsalita ka kaagad upang mabigyang-pansin ang iyong mga ideya o alalahanin. Kung sama-samang magtatrabaho sa isang atmosperang may tiwala, respeto at pagtutulungan, magkakaroon tayo ng pinakaproduktibong

kapaligiran sa trabaho. Kung naniniwala ka na bahagi ng problema ang iyong tagapangasiwa o Contact sa Kumpanya, maaari kang makipag-ugnayan sa human resources department o legal department ng iyong kumpanya para humingi ng patnubay, o makipag-ugnayan sa Alert Line ng FedEx.

**T:** Mayroon akong ilang ideya kung paano gagawing higit pang produktibo ang aking trabaho. Dapat ko bang ibahagi ang aking mga iniisip sa pangasiwaan?

**S:** Oo. Huwag mag-atubiling ibahagi ang iyong mga ideya sa ibang tao sa kumpanya. Ang ilan sa ating pinakamahuhusay na ideya ay mula sa mga empleyadong may nakikitang mas mainam na paraan ng paggawa sa mga bagay. Sa kumpetitibong merkado ngayon, mas nagiging mahalaga ang pag-iisip tungkol sa at pagkilos sa mga ideya kung saan tayo mas magiging produktibo. Kahit ang maliliit na ideya, kapag ginamit sa isang multi-billion dollar na kumpanya tulad ng FedEx, ay maaaring magbunga ng mga makatuturang benepisyo.

**T:** Sa tuwing sasabihin ko ang mga problema sa aking departamento, binabalewala ako ng aking supervisor o hindi niya ito tinututukan. Paano ako makikipag-ugnayan kung walang nakikinig?

**S:** Una, tiyaking mabisa ang iyong mga pakikipag-ugnayan. Maging handa palagi, alamin kung ano ang gusto mong sabihin at kung bakit mo ito sinasabi. Tiyaking handang makinig ang iyong tagapakinig at hindi siya nakabaling sa ibang bagay o abala sa iba pang mga alalahanin. Gumamit ng malinaw at simpleng wika at ipahayag ang iyong kahilingan o mungkahi sa positibong paraan. Panghuli, humingi ng sagot. Tiyaking napadala at natanggap ang iyong mensahe tulad ng iyong nilalayan.

Kung sinubukan mo at tapat kang naniniwala na binabalewala ang iyong mga pakikipag-ugnayan, maaari kang bumaling sa ibang paghilingahan ng saloobin, tulad ng pakikipag-usap sa human resources department ng iyong kumpanya o sa tagapangasiwa ng iyong supervisor. Lahat sa FedEx ay hinihikayat na magbahagi ng kanilang iniisip, ideya at pagkilos upang itaguyod ang isang mas mahusay na pagnenegosyo. Tandaan na, dahil sa iba't ibang dahilan, hindi makukuha ang lahat ng ideya, ngunit palagi tayong bukas para sa mga mungkahi.



Kadalasang nagmumula ang pinakamahuhusay na ideya sa mga empleyado.

# Pantay na Pagkakataon at Mga Patakaran Laban sa Panggigipit

Ang mga tao ang pinakamahalaga nating kayamanan. Naninindigan tayo sa pagbibigay ng isang lugar na pinagtatrabahuhan, kung saan ikaw ay iginagalang, masaya at pinapahalagahan. Ginawa ang ating mga patakaran upang magsulong ng pagkakapantay-pantay at paggalang para sa lahat.

Kumukuha, binibigyan ng ebalwasyon at nagpapaasenso tayo ng mga empleyado, at kumokontra ng Mga Kontraktor at supplier, batay sa kanilang pagganap. Dahil sa mga ito, inaasahan natin ang lahat na ituturing ang iba nang may dignidad at respeto at hindi kukunsintihin ang ilang partikular na pag-uugali. Kabilang sa mga hindi tinatanggap na pag-uugali ang panggigipit, karahasan, paninindak, pambubulas at anumang uri ng diskriminasyon kasama ang lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, edad, kapansanan, katayuan sa pagiging beterano, katayuan sa pag-aasawa (kung saan naaangkop), o anumang katangiang pinoprotektahan sa ilalim ng naaangkop na batas.

Ipinagbabawal ang mga hindi gustong sekswal na pananamantala at iba pang hindi naaangkop na personal na pag-uugali. Mahigpit nating ipinagbabawal, at hindi kukunsintihin, ang anumang uri ng panggigipit, o anumang pagkilos na lumilikha ng posibilidad sa panggigipit, sa mga tuntunin man ng moral ng indibidwal na empleyado o sa paglabag ng mga naaangkop na batas. Dapat malaman na maaaring isagawa ang panggigipit sa maraming anyo, kabilang ang mga hindi gustong sekswal na pananamantala, pambubulas, proposisyon, pagbabanta, ugaling nagbabanta at hindi gustong panghihiyo. Maaari ding mangyari ang panggigipit kapag ang iyong mga salita, kilos o ugali ay lumilikha ng isang nakakasira, nananakot at nakakapanakit na kapaligiran sa pagtatrabaho, tulad ng pagpapahayag ng mga nanghahamak na komento, biro o galaw.

Ipinagbabawal ng FedEx ang anumang anyo ng pagganti laban sa isang taong mag-uulat nang may malinis na hangarin ng anumang alam o pinaghihinalaang maling gawain.

Ginawa ang ating mga patakaran upang magsulong ng pagkakapantay-pantay at paggalang para sa lahat.



**T:** Naniniwala ako na hindi ako binigyan ng aking tagapangasiwa ng promosyon dahil alam ng tagapangasiwa ko na tinatangka kong magbuntis. Narinig kong sinabi ng aking tagapangasiwa na kapag nabuntis ang isang babae, hindi maiwasang makasagabal ito sa pagganap niya sa trabaho. May magagawa ba ako tungkol dito?

**S:** Oo. Lahat ng mga pagpapasyang may kaugnayan sa trabaho sa FedEx (hal., pagtanggap ng empleyado, promosyon, takdang gawain, sahod, disiplina at pagsasanay) ay dapat na nakabatay sa pamantayang may kaugnayan sa trabaho. Dapat mo munang gamitin ang mga proseso sa pagrereklamo sa iyong kumpanya o iulat ang sitwasyon sa human resources o legal department ng iyong kumpanya. Kung hindi ka magtagumpay sa paggamit ng mga pamamaraang ito o kung nais mong manatiling anonymous, maaari kang mag-ulat sa pamamagitan ng Alert Line ng FedEx.

**T:** Nagbibiro ang aking mga katrabaho tungkol sa aking sekswal na oryentasyon. Dapat ko ba itong balewain?

**S:** Hindi. Hindi kukunsintihin ng FedEx ang ganitong pag-uugali. Dapat mo munang gamitin ang mga proseso sa pagrereklamo sa iyong kumpanya o iulat ito sa iyong tagapangasiwa. Kung hindi pa rin nabibigyang-pansin ang iyong mga alalahanin, maaari kang makipag-ugnayan sa human resources o legal department ng iyong kumpanya o, kung nais mong manatiling anonymous, mag-ulat sa pamamagitan ng Alert Line ng FedEx.

# Kalusugan, Kaligtasan at Kapaligiran

Naninindigan tayo sa pagbibigay ng isang lugar na pinagtatrabahuan na ligtas, may pagpapahalaga sa kalusugan at malaya sa impluwensya ng alak at droga. Dapat nating unawain at sundin ang mga batas at regulasyon sa kaligtasan, kalusugan at kapaligiran na nakakaapekto sa ating mga aktibidad sa negosyo, gayundin sa anumang may kaugnayang patakaran ng kumpanya. Naninindigan tayo sa pag-iwas sa mga nakasisirang epekto sa kapaligiran at komunidad kung saan tayo nagnenegosyo. Inuulit-ulit natin ang pagpapaalala sa Mga Kontraktor, supplier at iba pa na nagtatrabaho sa atin, na manindigan at sumunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon.

Ipinagbabawal ang lahat ng anyo ng ugaling nagbabanta o naninindak, pambubulas, pagsalakay o anumang uri ng karahasan. Iulat ang anumang alalahaning mayroon ka tungkol sa paninindak, pambubulas, panggigipit,

panunubaybay, o mga pagbabantang nakasulat, berbal o pisikal. Ang anumang pag-uugali o pagkilos na maglalagay sa isang tao sa sitwasyon ng pagkatakot o pag-aalala sa kanyang kaligtasan ay isang dahilan upang makipag-ugnayan sa Seguridad ng FedEx, kasapi ng pangasiwaan ng FedEx o Alert Line ng FedEx. Responsibilidad ng lahat ng empleyado ang pag-uulat ng mga hindi ligtas na kondisyon sa trabaho, pagbabanta, pagkilos at sitwasyon (kabilang iyong may kaugnayan sa Mga Kontraktor, supplier o customer) na may posibilidad ng karahasan sa lugar na pinagtatrabahuan.

## Iba Pang Mga Mapagkukunan:

### [Programang Pagpigil ng Karahasan sa Lugar na Pinagtatrabahuan](#)

**T:** Sa kabila ng sinasabi ng FedEx tungkol sa pag-una sa kaligtasan, kagustuhan ng aking tagapangasiwa na matugunan ko ang mga target na maaari lamang makamit sa pamamagitan ng pagsuway sa mga pamamaraang pangkaligtasan. Binanggit ko ang isyung ito sa aking mga katrabaho, ngunit sinabihan nila akong manahimik o kung hindi ay maaari ko itong ikatanggal sa trabaho. Ano ang dapat kong gawin?

**S:** Pangunahin nating isinasalang-alang ang kaligtasan sa lahat ng operasyon. Hindi dapat makompromiso ang mga pamamaraang pangkaligtasan. Dapat mo munang talakayin ang sitwasyon kasama ang iyong tagapangasiwa, o sa sumunod na antas sa pangasiwaan ng FedEx. Kung hindi ka kumportableng gawin ito, o kung hindi mo nakuha ang atensyon ng pangasiwaan, dapat kang makipag-ugnayan sa human resources o legal department ng iyong kumpanya o sa Alert Line ng FedEx. Hindi pahihintulutan ng FedEx ang anumang pagganti laban sa mga empleyado na, sa malinis na hangarin, ay nagpaparating ng mga alalahanin.

**T:** Napuwera ang likod ko sa pagtatrabaho, ngunit ayokong iulat ito dahil may kasalanan din ako at dahil masisira nito ang tala ng aking unit sa hindi pagkakaroon ng pinsala. Ano ang dapat kong gawin?

**S:** Hindi ka dapat magbalewala o magtago ng problema. Lahat ng aksidente ay dapat iulat sa pangasiwaan o sa iyong Contact sa Kumpanya sa lalong madaling panahon upang maisagawa ng FedEx ang anumang pagkilos na kinakailangan para sa iyong kaligtasan at upang mapigilan ang katulad na insidente sa hinaharap. Maaaring kasama sa mga pagkilos para sa pagwawasto ang mga pagbabago sa mga pamamaraan ng trabaho o karagdang pagsasanay na pangkaligtasan. Hindi pahihintulutan ng FedEx ang anumang pagganti laban sa mga empleyado na, sa malinis na hangarin, ay nagpaparating ng mga alalahanin.

**T:** Napili ako para sa isang random na pagsusuri ukol sa droga. Hindi ako gumagamit ng ipinagbabawal na gamot, kaya naniniwala akong hindi ko kailangang masuri. Hindi ba isang panghihimasok sa aking pagkapribado ang pagsusuri?

**S:** Hindi. Bilang tagapagbigay-serbisyo ng transportasyon at iba pang mga kaugnay na serbisyo, dapat tayong sumunod sa mga ipinag-uutos ng batas na ginawa upang tiyakin na ang ating mga empleyado at lugar na pinagtatrabahuan ay malaya sa impluwensya ng alak o droga. Layunin nitong tiyakin ang kaligtasan ng ating mga empleyado at ng publiko. Sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon, at alinsunod sa batas, maaaring ipasailalim ng FedEx sa pagsusuri ang mga empleyado nito. Isinasagawa ang ating pagsusuri sa paraang nakaayon sa iyong personal na pagkapribado at dignidad.

# Kalusugan, Kaligtasan at Kapaligiran



**T:** Sa tingin ko ay may problema sa pag-inom ang aking amo na nakakasagabal sa trabaho sa aking lugar. Ano ang maaari kong gawin? Gusto ko talagang makatulong.

**S:** Mayroon kang obligasyong iulat ang iyong mga hinala sa tagapangasiwa ng iyong amo o sa human resources department ng iyong kumpanya. Bilang isang tagapagbigay ng mga serbisyo ng transportasyon, lubhang mahalaga sa kaligtasan ng empleyado at publiko na lahat ng lugar na pinagtatrabahuhan ng FedEx ay ganap na malaya sa impluwensya ng alak at ipinagbabawal na gamot. Sa pamamagitan ng pag-uulat ngayon ng iyong mga hinala, hindi mo lamang ginagampanan ang tungkulin mo sa FedEx, ngunit maaaring natutulungan mo rin ang iyong amo na tanggapin at harapin ang isang seryosong problema.

**T:** Madaling mabalisa ang aking katrabaho at nagkokomento ng mga bagay na nagdudulot sa akin ng takot para sa kaligtasan ko at ng iba pa sa trabaho. Ano ang maaari kong gawin?

**S:** Mayroon kang obligasyong iulat ang iyong mga alalahanin sa iyong tagapangasiwa, Seguridad ng FedEx o sa Alert Line ng FedEx. Lubhang siniseryoso ng FedEx ang mga alalahanin ng posibleng karahasan sa lugar na pinagtatrabahuhan at aaksyunan ito upang matiyak na patuloy tayong nagbibigay ng isang ligtas na kapaligiran sa trabaho.

# Mga Karapatang Pantao

Naninindigan ang FedEx sa pagprotekta at pagsulong ng mga karapatang pantao sa lahat ng ating operasyon.



Naninindigan ang FedEx sa pagprotekta at pagsulong ng mga karapatang pantao sa lahat ng ating operasyon. Itinuturing natin ang ibang tao nang may paggalang at dignidad, hinihikayat ang pagkakaiba-iba at iba't ibang opinyon, nagbibigay ng mga ligtas na kondisyon sa pagtatrabaho at nagsusulong ng pantay na pagkakataon para sa lahat. Ipinagbabawal natin ang panggigipit, pambubulas, diskriminasyon at paggamit ng bata, mandatoryo o sapilitang pagtatrabaho. Mayroon din tayong patakarang zero tolerance

na nagbabawal sa pang-aalipin o ilegal na pangangalakal ng mga tao para sa anumang layunin. Inaasahan natin ang ating Mga Kontraktor at supplier na pairalin din ang mahahalagang prinsipyong ito.

## **Iba Pang Mga Mapagkukunan:**

**[Patakarang Nagbabawal sa Pangangalakal ng Mga Tao](#)**

# Mga Salungatan ng Interes

Iwasan ang anumang aktibidad o sitwasyon na nagpapahiwatig na lumikha ng salungatan ng interes.



Iginagalang natin ang iyong karapatang pamahalaan ang iyong mga personal na gawain at pamumuhunan. Sa parehong pagkakataon, dapat iwasan ng mga empleyado ang mga aktibidad, ugnayan o sitwasyon na lumilikha ng posibleng salungatan sa pagitan ng kanilang mga personal na interes at mga interes ng FedEx. Obligasyon ng mga empleyado ang kanilang katapatan sa FedEx, at kung kaya naman, dapat iwasan ang anumang interes, pamumuhunan o ugnayan na nakakasagabal sa sariling paggawa ng matinong pagpapasya sa mga pinakamagandang interes ng FedEx. Mahigpit na ipinagbabawal ang mga pagbabayad sa anyo ng pera, pagreregalo o iba pang mga pagkakaloob ng personal na serbisyo ng Mga Kontraktor, supplier o customer bilang kapalit ng pakikipagnegosyo ng FedEx o iba pang mga kalamangan. Gayundin, dapat iwasan ang anumang aktibidad o sitwasyon na nagpapahiwatig na lumikha ng salungatan ng interes

## Partikular dito:

- Nakikipagnegosyo ang FedEx nang walang pinapaboran. Ayon sa nararapat, hindi ka dapat magkaroon o ang sinumang kasapi ng iyong pamilya ng direkta o hindi direktang pinansyal na interes sa, o ng pakikipag-ugnayan sa, anumang organisasyon (kabilang ang Mga Kontraktor, supplier, customer o kalaban sa negosyo ng FedEx) kung saan maaaring makaapekto ang naturang pinansyal na interes o pakikipag-ugnayan sa pagkaobhektibo at sariling kakayanan ng iyong pagpapasya o pag-uugali sa pagganap ng iyong mga tungkulin at responsibilidad sa ngalan ng FedEx.
- Maliban sa mga hindi pangkaraniwang pagkakataon kung saan ang mga partikular na kaayusan ay inaprubahan o pinahintulutan sa pasulat na paraan, hindi ka dapat malagay sa isang posisyon kung saan iniimpluwensyahan mo ang mga kondisyon sa trabaho (hal., promosyon, takdang gawain, sahod at disiplina)

o pagtatasa sa pagganap ng isang kapamilya o tao na malapit sa iyo o mayroon kang personal na kaugnayan, na isang empleyado ng FedEx, Kontraktor o supplier.

- Kung ang isang kasapi ng pamilya o taong may malapit kang personal na kaugnayan ay nagtatrabaho sa o may pag-aari o pinansyal na interes sa isang kumpanyang nakikipagnegosyo sa FedEx o tinatangkang makikipagnegosyo sa FedEx, dapat mong sabihin sa iyong tagapangasiwa ang tungkol sa kapamilya o personal na ugnayan at hindi ka dapat magkaroon ng anumang pakikibahagi sa, o tangkaing impluwensyahan sa anumang paraan ang, ugnayang pangnegosyo sa pagitan ng FedEx at kumpanyang iyon.
- Ang mga empleyado ng FedEx ay hindi dapat magkaroon ng karagdagang trabaho sa labas ng organisasyon, magpatakbo ng kanilang sariling negosyo o magbigay ng serbisyo sa anumang kapasidad sa anumang pangnegosyo o hindi pangnegosyong organisasyon kung ang naturang trabaho o aktibidad ay makakasagabal sa mga tungkulin ng kanilang trabaho sa FedEx o lilikha ng isang aktwal o nakikitang salungatan ng interes (hal., trabaho sa, o serbisyo sa lupon ng, kalaban sa negosyo, customer o supplier) sa FedEx, o kung ang naturang trabaho o aktibidad ay may kasamang paggamit ng pribadong impormasyon ng FedEx o ng mga ari-arian o system na nasa FedEx.
- Maliban na lang kung paunang naaprubahan ng Executive Vice President at Chief Financial Officer ng FedEx Corporation, hindi ka maaaring tumanggap ng sinumang tao na namasukan sa panahon ng naunang tatlong taon sa nagsasariling auditor ng FedEx Corporation (sa kasalukuyan ay, Ernst & Young LLP).

# Mga Salungatan ng Interes

Inaasahan namin na hindi mo ilalagay ang iyong sarili, nang lingid sa aming kaalaman, sa isang posisyon na maaaring lumikha ng salungatan ng interes o ng pagpapahiwatig ng isang salungatan. Kung naniniwala ka na maaaring may kinalaman ka sa isang salungatan ng interes, dapat mong sabihin kaagad ang bagay na ito sa iyong tagapangasiwa o sa legal department ng iyong kumpanya.

**T:** **Maaari ko bang kunin ang aking kapatid na lalaki upang gumawa ng ilang trabahong pangkontraktwal kung ang rate niya ang pinakamagandang makukuha?**

**S:** Hindi. Ipinagbabawal ng FedEx sa pangkalahatan ang pakikipagnegosyo sa mga kapamilya ng isang empleyado. Maski ano pa ang rate ng iyong kapatid na lalaki, hindi siya kukunin ng FedEx upang magsagawa ng mga serbisyo sa ilalim ng isang kontrata kung magtatrabaho siya sa ilalim ng iyong pamamahala o kung mayroon kang anumang impluwensya sa pagpapasya upang makuha siya sa trabaho.

**T:** **Naghahanap ng trabaho ang aking anak na babae at nagpahayag ng interes na magtrabaho sa FedEx. Ano ang patakaran ng FedEx sa ganito?**

**S:** Kung pinapayagan ito ng patakaran sa pagkuha ng tao ng kaugnay na kumpanya ng FedEx, maaaring mag-aplika ang iyong anak na babae para sa trabaho sa FedEx, hangga't ang posisyong inaaplayan niya ay hindi mag-uulat sa iyo at hindi ka mag-uulat sa kanya. Ang kanyang application ay susuriin at pagpapasyahan nang ayon sa parehong pamantayan tulad ng sa iba pang mga application. Hindi mo maaaring gamitin ang iyong impluwensya o posisyon upang makialam sa proseso ng pagkuha ng tao.

**T:** **Nagtatrabaho ang aking misis para sa isang kalaban sa negosyo ng FedEx. Bahagi ba ito ng isang salungatan ng interes?**

**S:** Hindi, hindi kinakailangan. Gayunpaman, dapat ninyong pag-usapan ng iyong tagapangasiwa ang sitwasyon upang tiyakin na hindi ka mabibigyan ng mga takdang gawain na lilikha ng isang salungatan ng interes. Hindi ka dapat magsabi kailanman ng kumpidensyal na impormasyon ng FedEx sa iyong asawa o manghingi ng kumpidensyal na impormasyon sa iyong asawa tungkol sa kanyang employer.

**T:** **Inalok ako ng isang kaibigan na mamuhunan sa isang kumpanya na gagawa ng isang produkto na maaaring ibenta sa FedEx sa hinaharap. Kung ang tanging bahagi ko sa bagong kumpanya ay pinansyal, isa ba itong salungatan ng interes?**

**S:** Mayroon itong potensyal na maging isang salungatan, depende sa iyong posisyon sa FedEx, sa kakayanang mayroon ka upang impluwensyahan ang mga pagpapasya ng FedEx sa pagbili, ang halaga ng iyong pamumuhunan at ang kahalagahan ng FedEx bilang isang customer sa hinaharap sa bagong kumpanya. Bago mamuhunan, dapat mong abisuhan ang iyong tagapangasiwa. Hindi ka rin maaaring makibahagi sa, o magtangkang impluwensyahan ang, pagpapasya ng FedEx kung bibilhin ang produkto o hindi.

# Mga Salungatan ng Interes

Kung naniniwala ka na maaaring may kinalaman ka sa isang salungatan ng interes, dapat mong sabihin kaagad ang bagay na ito sa iyong tagapangasiwa o sa legal department ng iyong kumpanya.



- T:** Nagpapatakbo ako ng isang maliit na negosyo sa tahanan kung saan nagbebenta ako ng mga kosmetiko, kadalasan ay online. Ginagamit ko ang aking computer sa trabaho upang i-access ang email at website para sa aking negosyo sa tahanan at upang iproseso ang mga order ng aking mga customer at ginagamit ko ang color copier sa trabaho upang gumawa ng kopya ng mga flyer para sa aking negosyo. Gayunpaman, hindi ko hinahayaang makasagabal ang mga aktibidad na ito sa aking mga tungkulin sa FedEx, kung kaya hindi ako naniniwala na mayroong anumang salungatan ng interes dito. Tama ba ako?
- S:** Hindi. Maski hindi man nakakasagabal ang iyong pangalawang negosyo sa iyong trabaho sa FedEx, hindi ka maaaring gumawa ng trabaho para sa negosyong iyon sa panahon ng oras ng iyong trabaho sa FedEx o sa pamamagitan ng paggamit ng ari-arian o mga system ng FedEx (tulad ng mga computer at copier). Dapat mong asikasuhin ang iyong negosyo sa “tahanan” sa tahanan. Higit pa rito, hindi magagamit para sa iyong negosyo ang mga diskwento sa empleyado ng FedEx, kabilang ang mga diskwento sa pagpapadala.
- T:** Nagmamay-ari ang aking nobya ng kumpanyang nagbibigay ng mga serbisyo ng janitor. Ang aking trabaho sa FedEx ay walang kinalaman sa pagkuha ng FedEx ng mga serbisyo ng janitor at wala akong awtoridad sa pagpapasya para sa pagkuha ng FedEx ng mga serbisyo ng janitor. Maaari ba akong makipag-ugnayan sa pangkat ng FedEx na nangangasiwa sa mga serbisyo ng janitor at subukan silang hikayatin na kunin ang kumpanya ng aking nobya?
- S:** Hindi. Hindi mo dapat tangkaing impluwensyahan ang ugnayang pangnegosyo ng FedEx sa isang kasalukuyan o posibleng maging customer, Kontraktor o supplier kung ang isang kapamilya o tao na may malapit kang personal na kaugnayan ay nagtatrabaho sa o may-ari ng o may pinansyal na interes sa kasalukuyan o posibleng maging customer, Kontraktor o supplier. Dapat mo ring sabihin ang ugnayang ito sa iyong tagapangasiwa.



# Mga Oportunidad na Pangkorporasyon

Ang mga customer, empleyado, tagapagbigay-serbisyo at iba pa ay regular na nagpepresenta ng mga ideya at oportunidad sa FedEx. Gayundin, sa panahon ng iyong pamamasukan sa FedEx, maaaring ipresenta sa iyo ang, at maaari kang tumuklas o bumuo ng mga ideya o oportunidad para sa bagong negosyo o pamumuhunan. Ang mga oportunidad at ideyang ito ay tangi at eksklusibong pag-aari ng FedEx. Pinagbabawalan ang mga empleyado sa pagkuha ng isang

naturang ideya o oportunidad para sa kanilang personal na benepisyo nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa legal department ng iyong kumpanya. Hindi mo maaaring gamitin ang iyong posisyon sa FedEx, o anumang ari-arian o impormasyon ng kumpanya, para sa hindi wastong pagkamit na pampersonal o upang makipagkumpitensya sa FedEx. Mayroong kang tungkulin sa FedEx na isulong ang ating mga interes sa sandaling hingin ito ng pagkakataon.

Mayroon tayong tungkuling isulong ang mga interes ng FedEx sa sandaling hingin ito ng pagkakataon.

**T:** Habang nasa trabaho, nakausap ko kamakailan ang isang customer ng FedEx na sinabi sa akin ang tungkol sa isang magandang transaksyong pangnegosyo ng real estate na makukuha sa hinaharap at kung saan maaaring magkaroon ng interes ang FedEx. Madalas kong makita ang customer na ito at mabuti kaming magkaibigan. Maaari ko bang ipuhunan ang sarili kong pera?

**S:** Hindi hangga't hindi sinasabi ang lahat ng detalye sa legal department ng iyong kumpanya at nakakakuha ng paunang nakasulat na pahintulot.

**T:** Tinawagan ako sa trabaho ng aking kaibigan mula sa kolehiyo at sinabi sa akin ang tungkol sa "mabiling" bagong stock. Maaari ko bang ipuhunan ang sarili kong pera?

**S:** Oo, basta hindi mo natuklasan ang oportunidad na ito sa panahon ng iyong pagganap ng tungkulin sa FedEx. Gayunpaman, mangyaring tandaan na dapat kang umiwas sa pagsasagawa ng negosyong pampersonal sa oras ng iyong trabaho at sumunod sa seksyong "Pangangalakal ng Impormasyong Panloob" ng Kodigong ito.

# Mga Regalo, Paglilibang, Pautang o Iba Pang Mga Pabor



Ikaw at ang mga kasapi ng iyong pamilya ay hindi maaaring tumanggap ng mga regalo na may pinagsamang halaga na higit pa sa US\$75 bawat taon mula sa parehong kasalukuyan o posibleng maging Kontraktor, supplier, customer o sa kaninuman na nakikipangnegosyo o maaaring makipangnegosyo ang FedEx (“Third Party”) nang walang paunang pahintulot mula sa General Counsel ng iyong kumpanya. Ikaw at ang mga kasapi ng iyong pamilya ay hindi rin maaaring tumanggap ng mga pautang ng anumang halaga o pabor mula sa isang Third Party. Ang pagtanggap ng mga naturang item o pabor ay maaaring magkompromiso – o lumabas na nagkokompromiso sa – iyong kakayanang gumawa ng mga obhektibo, walang kinikilingan at patas na pagpapasya sa negosyo.

Maaari kang tumanggap ng mga makatuwiran at naaangkop na pagkain at paglilibang mula sa Mga Third Party para sa mga lehitimong layuning pangnegosyo. Ang bayad na paglilibang, kasama ang mga tiket sa mga kaganapang may kaugnayan sa sports, musika o kultura na ibinigay sa isang empleyado ng FedEx ng isang Third Party, kung saan hindi makakasama sa kaganapan ang isang kinatawan ng Third Party ay ituturing na isang regalo at nalalapat dito ang mga alituntunin para sa pagtanggap ng mga regalo. Maaari ka ring magbigay ng mga makatuwiran at naaakmang regalo, pagkain o paglilibang sa Mga Third Party para sa mga lehitimong layuning pangnegosyo.

Dapat iwasan ang pagbibigay o pagtanggap ng anumang regalo, kaloob o paglilibang na maaaring makita bilang hindi wastong pag-impluwensya sa isang pagpapasyang pangnegosyo. Hindi dapat magbigay o tumanggap ng

mga perang regalo o mga katumbas ng pera (tulad ng mga gift card o gift certificate) Bukod pa rito, hindi ka dapat manghingi ng regalo o paglilibang. Ang paglilibang na pangnegosyo ay dapat gawin sa sapat na dalas at iukol lang sa pagpapabuti ng mga layuning pangnegosyo. Ang mga regalo at paglilibang na umuulit (maski na gaano kaliit) ay maaaring tingnan bilang isang pagtatangkang lumikha ng isang obligasyon sa nagbigay, kung kaya itinuturing na hindi naaakma. Nalalapat ang patakarang ito sa lahat ng pagkakataon, at hindi nagbabago sa mga tradisyonal na panahon ng pagbibigayan ng regalo.

Nalalapat ang karagdagang panuntunan kapag nagbibigay ng mga regalo, pagkain o paglilibang sa mga opisyal ng pamahalaan. Sumangguni sa Patakarang sa Mga Contact sa Pamahalaan at Pagsunod sa Paghahayag ng Pag-iimpluwensya bago magbigay ng regalo, pagkain o paglilibang sa Mga Opisyal ng Pamahalaan ng U.S. at sa Pandaigdigang Patakarang Laban sa Katiwalian bago magbigay ng regalo, pagkain o paglilibang sa Mga Opisyal ng Pamahalaan na hindi taga-U.S. Kung nag-aalinlangan, humingi ng payo mula sa legal department ng iyong kumpanya.

## **Iba Pang Mga Mapagkukunan:**

[Pandaigdigang Patakarang sa Mga Regalo at Paglilibang](#)

[Patakarang sa Mga Contact sa Pamahalaan at Pagsunod sa Paghahayag ng Pag-iimpluwensya](#)

[Pandaigdigang Patakarang Laban sa Katiwalian](#)

# Mga Regalo, Paglilibang, Pautang o Iba Pang Mga Pabor

**T:** Sa pagsasaalang-alang kung tatanggapin ba ang ibinigay na pagkain o paglilibang ng isang supplier, ano ang mga salik na dapat kong tandaan?

**S:** Ang pinakamahalagang isaalang-alang kapag nagpapasya kung tatanggapin ba ang isang regalo, pagkain o paglilibang ay kung sa pagtanggap ba nito, maaaring (i) makompromiso o lumabas na nakokompromiso ang iyong kakayanang gumawa ng mga obhektibo, walang kinikilingan at patas na pagpapasya sa negosyo, o (ii) maimpluwensyahan o lumabas na iniimpluwensyahan ang isang ugnayang pangnegosyo. Para sa kadahilanang ito, ang paglilibang na pangnegosyo ay dapat gawin sa sapat na dalas at iukol lang sa pagpapabuti ng mga layuning pangnegosyo. Ang mga ito, natural, ay mga pagsisiyasat ng mga bagay at pangyayari. Kabilang sa mga kaugnay na salik, kasama ng iba pang mga bagay, ang makatuwirang halaga ng pagkain o paglilibang, kung pupunta ba sa kaganapan ang supplier, ang dalas ng pagtanggap ng mga regalo, pagkain o paglilibang mula sa supplier at ang katayuan ng ugnayang pangnegosyo sa supplier. Kung mayroon kang anumang pag-aalinlangan tungkol sa halaga ng isang item, o kung nagdudulot ba ito ng aktwal o nakikitang salungatan ng interes, humingi ng patnubay sa legal department ng iyong kumpanya.

**T:** Inalok ako ng isang supplier ng mga libreng tiket sa isang kaganapan sa sports na gustung-gusto kong puntahan. Hindi ako sasamahan ng supplier. Maaaring ko bang tanggapin?

**S:** Maaari mong tanggapin ang mga tiket kung ang kabuuang halaga ng mga tiket ay US\$75 o mas mababa pa. Ang mga tiket sa mga kaganapang may kaugnayan sa sports, musika o kultura na ibinigay sa isang empleyado ng FedEx, kung saan ang kinatawan ng Third Party na nagbigay ng tiket sa kaganapan ay hindi sasama, ay itinuturing na regalo at nalalapat dito ang mga alituntunin para sa pagtanggap ng regalo. Kung ang kabuuang halaga ng mga tiket ay higit sa US\$75, dapat kang kumuha ng pahintulot mula sa General Counsel ng iyong kumpanya. Kung naroroon ang Third Party, ituturing ang alok bilang isang paglilibang at maaaring tanggapin hangga't natutugunan ang mga alituntuning itinakda sa Pandaigdigang Patakaran sa Mga Regalo at Paglilibang. Dapat mong gamitin ang iyong pinakamahusay na pagpapasya upang tantyahin ang halaga. Gayundin, tandaan na ang maraming regalo mula sa iisang partido sa isang taon, na nagkakahalaga nang higit sa US\$75 ay dapat aprubahan ng General Counsel ng iyong kumpanya.

**T:** Nakatanggap ako ng "higit sa simpleng" regalo mula sa isang supplier sa isang bansa kung saan tradisyon ang madalas at mahal na pagreregalo. Paano ko ito haharapin?

**S:** Sa ilang kultura, mahalaga ang ginagampanang tungkulin ng mga regalo at paglilibang sa mga ugnayang pangnegosyo, at mahalagang maunawaan at pakibagayan ang mga lokal na kaugalian kapag nagtatrabaho sa mga bansa sa labas ng U.S. Kung ang halaga ng regalo ay mas malaki sa US\$75, dapat ka pa ring humingi ng pahintulot mula sa General Counsel ng iyong kumpanya. Sa pagtukoy kung aaprubahan ba o hindi, maaaring isaalang-alang ng General Counsel ang mga lokal na kaugalian.

**T:** Nakatanggap ako ng regalo mula sa isang customer, ngunit hindi ako sigurado sa halaga nito. Paano ko malalaman kung dapat ko ba itong sabihin sa aking tagapangasiwa?

**S:** Hindi mo kailangang humingi ng pahintulot para sa mga napakasimpleng item, maliban na lang kung sa makatuwirang dahilan ay tingnan ito ng ibang tao bilang nag-iimpluwensya sa iyong mga pagpapasya sa negosyo. Dapat mong gamitin ang iyong pinakamahusay na pagpapasya sa pagkalkula ng halaga ng regalong natanggap mo at sa pangangailangang humingi ng naaangkop na pahintulot. Kung may pag-aalinlangan ka tungkol sa halaga ng isang item o sa implikasyon nito kaugnay ng isang aktwal o nakikitang salungatan ng interes, humingi ng patnubay mula sa legal department ng iyong kumpanya.

**T:** Inimbitahan ako sa isang kumperensiya na ginastusan ng isang supplier. Nag-alok ang supplier na bayaran ang lahat ng aking gastos sa pagbiyahe, kabilang ang pamasaha sa eroplano, pagkain at matutuluyan. Maaari ko bang tanggapin ang alok?

**S:** Ipinagbabawal ng Pandaigdigang Patakaran sa Mga Regalo at Paglilibang ng FedEx ang pagtanggap sa alok ng supplier na bayaran ang pagbiyahe at panunuluyan nang walang paunang pahintulot mula sa General Counsel ng iyong kumpanya. Maaari kang tumanggap ng mga pagkain mula sa supplier hangga't hindi marangya o labis ang mga ito at kung hindi man ay sumusunod sa mga alituntunin.

# Mga Hindi Wastong Pagbabayad at Panunuhol

Hindi kinukunsinti ng FedEx ang mga pagbabayad o mga pagbabayad na in-kind (mga regalo, pabor, atbp.) sa sinuman o sa alinmang organisasyon upang impluwensyahan ang tao o organisasyong iyon na magbigay ng mga oportunidad sa negosyo o upang gumawa ng pagpapasya sa negosyo na pabor sa atin. Sa negosyo sa ibang bansa, sa partikular, maaaring mapilitan minsan ang ilang empleyado o Kontraktor na magsagawa ng mga pagbabayad o pagbabayad na in-kind upang himukin ang iba na magbigay ng mga permiso o serbisyo, na kung saan hindi tayo pinahihintulatang tumanggap sa pangkalahatan. Huwag gumawa o pumayag kailanman sa mga naturang pagbabayad. Mahigpit na ipinagbabawal ang mga panunuhol, "kick-back," lihim na komisyon at katulad na pagbabayad sa sinuman o sa alinmang organisasyon. Higit pa rito, maaari nitong ilantad ang FedEx at mga empleyado at Kontraktor nito sa pag-uusig na pangkriminal at sa mga malalang parusa sa ilalim ng batas ng U.S. at mga batas ng ibang bansa.

Nalalapat ang mahihigpit na panuntunan kapag nakikipagnegosyo ang FedEx sa mga ahensya at opisyal ng pamahalaan, sa U.S. man o sa ibang bansa. Bilang isang direktor, empleyado o Kontraktor ng FedEx, kinakailangan mong sumunod sa the U.S. Foreign Corrupt Practices Act ("FCPA"). Ginagawang ilegal ng FCPA ang panunuhol sa dayuhang opisyal o sa sinumang gumaganap sa ngalan ng naturang opisyal upang impluwensyahan ang anumang pagkilos o pagpapasyang pampamahalaan o makamit ang anumang hindi wastong kalamangan para makuha o mapanatili ang pakikipagnegosyo. Ang suhol ay maaaring isang pagbabayad o isang alok o pangako ng kahit anong bagay na may halaga (maski anong halaga), at ang isang dayuhang opisyal ay maaaring isang opisyal ng pamahalaan, opisyal ng partido sa pulitika, kandidato sa pulitika o pampublikong opisyal ng pandaigdigang organisasyon. Ipinag-uutos din ng FCPA na panatilihin natin ang pagkakaroon ng mga kontrol sa panloob na pinansyal upang mapigilan ang

mga paglabag sa batas at magtago ng mga naaangkop na aklat, tala at account na tumpak na sumasalamin sa lahat ng transaksyon at disposisyon ng mga asset.

Ipinagbabawal ang "mga facilitation payment (pampadulas)," na mga pagbabayad na isinasagawa sa isang hindi taga-U.S. na opisyal ng pamahalaan o empleyado upang pabilisin o padaliin ang isang karaniwang aksyon ng pamahalaan tulad ng paglalabas ng permit o clearing ng isang kargamento sa customs, maliban na lang kung kinakailangan ang naturang pagbabayad upang protektahan ang kalusugan o kaligtasan ng isang tao. Kung sakali man na hilingin sa iyong magbigay ng lagay o bayad sa pagpapadali, makipag-ugnayan kaagad sa iyong tagapangasiwa o sa legal department ng iyong kumpanya.

Nalalapat ang mga partikular na panuntunan kapag nagbibigay ng mga regalo, pagkain o paglilibang sa mga opisyal ng pamahalaan. Sumangguni sa Patakaran sa Mga Contact sa Pamahalaan at Pagsunod sa Paghahayag ng Pag-iimpluwensya bago magbigay ng regalo, pagkain o paglilibang sa Mga Opisyal ng Pamahalaan ng U.S. at sa Pandaigdigang Patakaran Laban sa Katiwalian bago magbigay ng regalo, pagkain o paglilibang sa Mga Opisyal ng Pamahalaan na hindi taga-U.S. Kung nag-aalinlangan, humingi ng payo mula sa legal department ng iyong kumpanya.

## Iba Pang Mga Mapagkukunan:

[Pandaigdigang Patakaran Laban sa Katiwalian](#)

[Pandaigdigang Patakaran sa Mga Regalo at Paglilibang](#)

[Patakaran sa Mga Contact sa Pamahalaan at Pagsunod sa Paghahayag ng Pag-iimpluwensya](#)

Mahigpit na ipinagbabawal ang mga panunuhol.



# Mga Hindi Wastong Pagbabayad at Panunuhol

**T:** **Sa palagay ko, maaaring nagsasagawa ang isa sa ating Mga Kontraktor ng mga hindi wastong pagbabayad sa mga opisyal ng pamahalaan sa ngalan ng FedEx. Dapat ba akong mag-alala?**

**S:** Oo. Ang mga pagkilos ng mga partidong gumaganap ng mga serbisyo sa ngalan natin ay maaaring maglantad sa FedEx sa seryosong pananagutan sa ilalim ng mga batas laban sa katiwalian. Maaaring managot ang FedEx para sa parehong hindi wastong pagbabayad na direkta at hindi direkta sa mga opisyal ng pamahalaan. Kung may dahilan ka upang isipin na ang isang partidong gumaganap ng mga serbisyo sa ngalan ng FedEx ay nagsasagawa ng mga hindi wastong pagbabayad, makipag-ugnayan kaagad sa iyong pangasiwaan o sa legal department ng iyong kumpanya.

**T:** **Sa ilang partikular na bansa sa labas ng U.S., kinakailangan ang pagsasagawa ng maliliit na pagbabayad upang pabilisin ang pagproseso ng mga papel. Kung hindi gagawin ang maliliit na pagbabayad na ito, maaaring abutin pa nang ilang buwan ang pagproseso ng mga papel. Ano ang dapat kong gawin?**

**S:** Ang ganitong uri ng pagbabayad ay isang ipinagbabawal na facilitation payment. Ipinagbabawal ng FedEx ang pagsasagawa, pag-aalok, pangangako o pagpapahintulot ng mga ganitong pagbabayad maliban na lang kung kinakailangan ang naturang pagbabayad upang protektahan ang kalusugan o kaligtasan ng isang tao. Dapat mong abisuhan kaagad ang iyong pangasiwaan o ang legal department ng iyong kumpanya kung hinihingi sa iyong magbigay ng facilitating payment o kung malaman mong hinihikayat ang mga ito o ipinag-uutos ng mga lokal na opisyal.

**T:** **Gusto kong imbitahan sa hapunan ang isang empleyado ng Congressman sa U.S. upang talakayin ang panukalang pagsasabatas na may kaugnayan sa FedEx? Pinahihintulutan ba ito?**

**S:** Ipinatutupad ng mga pang-estado at panglokal na batas, panuntunan at regulasyon ng pamahalaang pederal ng U.S. ang mahahalagang paghihigpit sa pagbibigay sa at pagtanggap ng mga opisyal ng pamahalaan at mga kasapi ng kanilang pamilya ng mga regalo, pagbiyahe, pagkain at paglilibang. Ang mga batas, panuntunan at regulasyong ito ay nag-iiba ayon sa hurisdiksyon at napakakumplikado.

Ang mga opisyal at empleyado ng FedEx ay hindi maaaring magbigay o magdirekta ng anumang regalo, pagbiyahe, pagkain o paglilibang sa sinumang opisyal ng pamahalaan na pang-estado o panglokal sa pamahalaang pederal ng U.S. o maging sa mga kasapi ng kanyang pamilya. Sa mga napakalimitadong sitwasyon kung saan naniniwala ang isang opisyal o empleyado ng FedEx na naaangkop ang pagbibigay ng alinman sa mga item na ito, kinakailangan ang paunang pahintulot ng government affairs department ng FedEx para sa naturang regalo, pagbiyahe, pagkain o paglilibang.

Bukod pa rito, may responsibilidad ang government affairs department na tiyaking sumusunod ang FedEx sa iba't ibang batas na pang-estado at panglokal ng pamahalaang pederal ng U.S. na namamahala sa mga aktibidad at pag-uulat ng pag-iimpluwensya. Bilang ayon sa nararapat, anumang pakikipag-ugnayan o komunikasyon, sa anyong nakasulat man o berbal, na isinagawa para sa o sa ngalan ng FedEx ng isang opisyal o empleyado ng FedEx sa ilang partikular na opisyal ng pamahalaan ay dapat munang aprubahan ng government affairs department.

**T:** **Nag-alok ang isang opisyal ng pamahalaan na hindi taga-U.S. na padadaliin niya ang pag-apruba ng ating lisensya sa negosyo kung tatanggapin natin bilang intern ang kanyang anak na lalaki. Dapat ba natin itong gawin?**

**S:** Hindi. Hindi ka maaaring magbayad o mag-alok na magbayad ng “anumang bagay na may halaga,” direkta man o hindi, na may intensyong impluwensyahan ang isang opisyal ng pamahalaan upang gumawa ng anumang kilos na pang-opisyal. Hindi lang pera ang “anumang bagay na may halaga” – maaari ding kasama rito ang mga internship at pag-aalok ng trabaho sa mga kasapi ng pamilya, pabor, kontribusyon sa pagkakawanggawa, mga gastos sa regalo, pagkain, paglilibang at pagbiyahe. Bilang pagtugon sa naturang alok, tumanggi sa pagsasagawa ng kilos na hinihiling ng opisyal at ipaliwanag na ipinagbabawal ng mga patakaran ng FedEx ang pagsasaalang-alang sa mga naturang kahilingan. Linawin na ganap ang pagtanggap at tiyaking hindi magkakamali ng pag-intindi sa iyong pagkilos at pananalita. Agad ding iulat ang kahilingan sa iyong tagapangasiwa at sa legal department ng iyong kumpanya.

# Mga Kontrol sa Kalakalang Pandaigdig

Pinamamahalaan ng mga batas sa kontrol ng kalakalang pandaigdig ang pagdadala ng mga produkto, serbisyo, software at teknolohiya sa lahat ng pambansang hangganan. Naninindigan ang FedEx sa pagsunod sa lahat ng mga naaangkop na batas sa kontrol sa kalakalan, kabilang iyong mga tumutugon sa mga kontrol sa mga pag-import, pag-export sa parehong mga item na pangmilitar at “may dobleng gamit,” at mga pangkalakalan at pang-ekonomikang sanction.

Ginawa ang mga pandaigdigang batas at regulasyon sa kontrol sa pag-import at pag-export upang, kasama ng ibang mga bagay, protektahan ang pandaigdigang seguridad at palakasin ang paglaban sa terorismo. Pinapanatili ng FedEx ang mga komprehensibong patakaran at pamamaraan upang suportahan ang pagsunod sa kontrol sa pag-import at pag-export, na ginawa upang makatulong na tiyakin na ang FedEx ay:

- Hindi magsasagawa ng operasyon sa o magbibigay ng mga serbisyo sa mga bansang na-embargo ng U.S. o sa mga taong binigyan ng sanction;
- Hindi tatanggap ng mga pagpapadala kung saan ang pagdadala, pag-import, o pag-export ay ipinagbabawal ng batas o regulasyon;
- Hindi maglilipat o magbibiyaha ng kinokontrol na teknolohiya, kagamitan, o software nang wala ng kinakailangang lisensya sa pag-import at pag-export; at

- Susuriin ang lahat ng package upang tukuyin ang sinumang nagpadala o consignee sa mga kaugnay na listahan ng mga partidong pinaghihigpitan ng pamahalaan.

Pinagbabawalan din ang FedEx sa pakikibahagi sa mga panlabas na pagboykot na hindi sinusupportahan ng Pamahalaang U.S. Kabilang sa mga ipinagbabawal na aktibidad ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga kasunduan upang tanggihan o mga aktwal na pagtanggap upang makipagnegosyo sa ilang partikular na bansa o kumpanyang nasa blacklist ng ibang pamahalaan. Abisuhan kaagad ang legal department ng iyong kumpanya para sa anumang kahilingang maaaring matanggap mo na may kaugnayan sa pagboykot.

Dapat ay ganap na unawain at sundin ng lahat ng kasapi ng pangkat ng FedEx na may kinalaman sa pag-import at pag-export ng mga pagpapadala sa ngalan ng FedEx at ng ating mga customer ang mga patakaran at pamamaraan sa kontrol ng kalakalang pandaigdig ng FedEx. Ang mga paglabag sa mga batas at regulasyon sa U.S. at sa pandaigdigan na namamahala sa kalakalang pandaigdig ay maaaring magsailalim sa FedEx at sa mga responsableng indibidwal sa malaki-laking maaaring maging parusa na pangkriminal at pangsibilyan, kabilang ang pagkakakulong, pagpipiyansa at pagkakait ng pribilehiyong mag-export.

**T:** Ano ang eksaktong kahulugan ng “mga trade control (kontrol sa kalakalan)?

**S:** Ginagamit ang terminong ito upang tumukoy sa kolektibong pangkat ng mga pandaigdigang batas at regulasyon na nangangasiwa sa aktwal na transportasyon ng mga produkto sa lahat ng hangganan; sa paglalabas/paghahayag ng teknolohiya at software sa sinumang hindi mamamayan o permanenteng residente ng U.S.; sa mga kalakalalan at transaksyon kung saan may mga target ng sanction, ayon sa itinakda ng U.S. at iba pang mga pamahalaan; at sa mga panuntunang nangangasiwa sa pag-import ng kalakal at sa pagbabayad ng mga buwis sa customs para sa mga inangkat na ito.

**T:** Nagtatrabaho ako sa FedEx na nasa labas ng U.S. Nalalapat ba ang mga batas sa kontrol ng kalakalan ng U.S. sa mga operasyon ng aking kumpanya?

**S:** Oo. Ang FedEx ay isang kumpanya sa U.S., at lahat ng kumpanya ng FedEx, saanmang panig ng mundo ito naroon, ay posibleng napapasailalim sa mga batas at regulasyon sa trade control ng U.S. Maaari ding nalalapat ang mga batas at regulasyon sa kontrol sa kalakalan sa labas ng U.S. Makipag-ugnayan sa legal department ng iyong kumpanya para sa patnubay.

# Pagpigil sa Paglilinis ng Pera

Ang paglilinis ng pera o money laundering ay pagsasagawa o pagtatangkang magsagawa ng isang pinansyal na transaksyon kung saan ang transaksyon sa kabuuan o bahagi nito ay isinagawa upang ilihim o itago ang katangian, lokasyon, pinagmulan, pagmamay-ari o kontrol ng mga kita ng aktibidad na tinukoy na ilegal. Naninindigan ang FedEx sa pagtulong sa mga awtoridad ng pamahalaan sa pagtulong, pagpigil at pag-alis ng pinansyal na suporta sa kriminal at terorista at sa aktibidad na isinasakatuparan sa pamamagitan ng paglilinis ng pera, at hindi papasok sa anumang kasunduan na natukoy bilang isang paraan ng paglilinis ng pera.

Maaaring kasama sa mga indikasyon ng paglilinis ng pera ang mga kahilingan mula sa isang customer, Kontraktor o supplier para sa mga pagbabayad ng nakahandang pera o cash, hindi karaniwang termino sa pagbabayad, paglilipat ng pera sa o mula sa mga bansang walang kaugnayan sa transaksyon o iba pang mga aktibidad na labas sa normal na isinasagawa. Kung magkakaroon ka ng hinala ng mga posibleng aktibidad ng paglilinis ng pera, makipag-ugnayan kaagad sa legal department ng iyong kumpanya.



# Pagprotekta at Paggamit ng Mga Kagamitan ng Kumpanya

Naglalaan ang FedEx ng mga pasilidad, kasangkapan, kagamitan sa transportasyon at teknolohiya para magamit sa pagganap ng mga tungkulin at responsibilidad sa FedEx. Kasama sa mga kagamitang ito ang mga computer, software, mobile device, ari-arian, kagamitang pang-opisina, gamit sa transportasyon at mga supply. Dapat mong protektahan ang mga kagamitan ng FedEx at tiyakin ang produktibo at wastong paggamit sa mga ito. Ang pagnanakaw, kawalan ng pag-iingat at pagsasayang ay mayroong direktang epekto sa ating kakayahang kumita.

Inilalaan ang mga kagamitang computer, kabilang ang mga system sa email, serbisyo ng Internet at device para sa malayuang pag-access tulad ng mga smartphone upang matulungan kang gawin ang iyong trabaho. Sa paggamit ng mga kagamitang ito, inaasahan kang maging responsable sa pakikitungo sa mga empleyado at sa paggamit ng mga system at kagamitan ng FedEx. Maaaring payagan ang minimal na paggamit na pampersonal kung ang naturang paggamit ay pinapahintulutan sa iyong kumpanya ng FedEx at ng iyong tagapangasiwa o Contact sa Kumpanya, at hindi nakakasagabal sa iyong mga tungkulin sa trabaho, sa mga pangangailangang pangnegosyo ng iba pang mga empleyado o sa pagsisilbi sa mga customer. Huwag gamitin kailanman ang mga kagamitang computer para sa mga ilegal na layunin, tulad ng pagda-download, pagkopya o pagpapadala ng mga materyal na may copyright (hal., musika at mga pelikula).

Para sa proteksyon ng FedEx, gayundin sa iyong sariling kaligtasan, dapat kang sumunod sa mga batas na nangangasiwa sa copyright, patas na paggamit ng mga materyal na may copyright at pagmamay-ari ng ibang tao, mga trademark at iba pang intelektwal na ari-arian, kabilang ang mga copyright, trademark at intelektwal na ari-arian ng FedEx. Gayundin, ipinag-uutos ng FedEx na ipamahagi lang ang software ng computer alinsunod sa mga tuntunin ng naaangkop na kasunduan sa lisensya at dapat na may paunang pag-apruba ang anumang paggamit ng open source na software. Bukod pa rito, hindi maaaring gamitin ang mga kagamitang computer (bukod sa ilang partikular na itinalagang

bulletin board) para sa mga panlabas na pakikipagsapalaran sa negosyo, layuning pampulitika o anumang panghihingi na ipinagbabawal ng mga patakaran ng iyong kumpanya.

Huwag mag-access, magpadala o mag-download ng anumang impormasyon na maaaring magbunsod ng pangggigipit o pambubulas o na maaaring makatuwirang tingnan ng mga empleyado, customer o supplier bilang nagbabanta, nananakot, marahas, may malisya, malaswa o nagdidiskrimina. Kabilang sa mga halimbawa ng naturang impormasyon ang mga banta ng karahasan o pisikal na pananakit, pahayag na nilalayan upang sadyang sirain ang reputasyon ng isang tao, o mensahe na maaaring lumikha ng isang nakakaperhuwisyong kapaligiran sa trabaho sa batayan ng lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, edad o anumang iba pang katangian na pinoprotektahan ng naaangkop na batas o patakaran ng FedEx. Tandaan din na ang “pagpupuno” sa system ng FedEx ng mga walang kabuluhang mail, trivia o nakakaaliw na kwento ay lumilikha ng pananagutan para sa kumpanya kapag binigyan ng ibang pagpapakahulugan, humahadlang sa kakayanan ng ating system na pangalagaan ang lehitimong negosyo ng kumpanya, at hindi pinahihintulutan. Ang mga email ay dapat nakatuon sa proyekto at nakaayon sa mga bagay na natiyak.



Sikapang limitahan lang sa mga layuning pangnegosyo ang iyong paggamit ng email sa trabaho.



# Pagprotekta at Paggamit ng Mga Kagamitan ng Kumpanya

Maliban na lang kung ipinagbabawal ng batas, nakareserba sa amin ang karapatan upang kunin ang iyong computer at mobile device na inilaan ng FedEx at ang anumang impormasyon na nakaimbak sa mga server ng FedEx at upang i-access, suriin at ihayag ang lahat ng impormasyon

na nilalaman ng mga ito anumang oras para sa anumang dahilan, nang mayroon o walang kaalaman o pahintulot mo. Palaging isagawa ang iyong mahusay na pagpapasya kapag gumagamit ng mga kagamitang computer ng FedEx.

**T: Maaari ko bang gamitin ang aking FedEx email account upang magpadala ng mga personal na mensahe sa mga kaibigan at kapamilya?**

**S:** Ang paggamit ng mga network ng computer ng FedEx, kabilang ang email, ay pangunahing nakalaan sa mga layuning pangnegosyo. Gayunpaman, kung ang iyong paggamit ay sumusunod sa mga naaangkop na patakaran ng FedEx at hindi nakakasagabal sa pagganap mo o ng ibang tao ng trabaho, maaari mong gamitin ang iyong FedEx email account para sa mga personal na mensahe. Tandaan na, gayunpaman, hindi pribado ang email sa kumpanya. Maliban na lang kung ipinagbabawal ng batas, nakareserba sa amin ang karapatan upang suriin ang email na ipinadala gamit ang aming network o gamit ang device na ipinagkaloob ng FedEx nang walang pagbibigay sa iyo ng abiso. Kung lubhang personal o kumpidensyal ang iyong mensahe, hindi mo ito dapat ipadala gamit ang mga system o device ng FedEx.

**T: Nakatanggap ako ng nakakainsultong mensahe sa email. Ano ang dapat kong gawin?**

**S:** Maliban na lang kung sa tingin mo ay kinakailangan ang agarang pag-uulat nito, sabihin sa nagpadala na itigil na ang pagpapadala sa iyo ng mga nakakainsultong email. Kung ang nagpadala ay isang empleyado o Kontraktor ng FedEx at patuloy siya sa pagpapadala ng nakakainsultong materyal (o kung sa tingin mo na nangangailangan ang naunang insidente ng agarang pag-uulat), dapat mo itong iulat kaagad sa iyong tagapangasiwa o sa human resources department ng iyong kumpanya o gamitin ang mga proseso sa pagrereklamo sa iyong kumpanya. Kung ang nagpadala ay mula sa labas ng FedEx, makipag-ugnayan sa empleyado ng teknolohiya ng impormasyon ng FedEx na nagseserbisyo sa iyong lugar at hilinging i-block ang mga mensahe sa hinaharap na manggagaling sa pinagmumulang ito.

**T: Narinig ko sa aking tagapangasiwa na ginamit ang ilan sa kanyang email laban sa FedEx sa isang kasong isinampa ng isa sa mga dati naming kasapi sa pangkat. May ilang partikular na panuntunan ba na dapat kong sundin upang maiwasan kong mangyari sa akin ang ganito?**

**S:** Oo. Maaaring humantong ang mga email sa iba't ibang negatibong resulta dahil maaaring kailanganin ng FedEx na ibigay ang mga ito sa mga third party na nagdedemanda at naghahain ng iba pang mga usapin. Kahit ang mga mukhang naaangkop na email, kapag tinanggalan ng katangian at kahulugan, ay maaaring magdulot ng malaking pinsala sa kumpanya sa mata ng mga empleyado, customer at publiko, at maaari din nitong ilantad ang kumpanya sa malaking posibilidad ng pananagutan sa batas.

Kapag nagsasagawa ng negosyo para sa FedEx sa pamamagitan ng email mula sa iyong computer o mobile device, lagyan ng wastong label ang iyong mga mensaheng naglalaman ng pribilehiyado o kumpidensyal na impormasyon, limitahan o iwasan ang paglalagay ng katatawanan, huwag mag-isip o magbigay ng konklusyon, at panatilihin nakatuon sa proyekto at nakaayon sa bagay na natiyak ang mga email. Basahing muli ang iyong email at tiyaking hindi mo pagsisihan ang iyong mga sinabi. Kahit natanggal na ang isang email, maaari itong makuha at maaaring kailanganin ng FedEx na ibigay ang email (at anumang attachment) bilang bahagi ng isang kasong isinampa o pagsisiyasat ng pamahalaan. Maaari ding gawaran ng korte o ahensya ng pamahalaan ng subpoena ang lahat ng materyales at kagamitan at tuntunin ang mga orihinal na dokumento. Dahil sa mga ganitong panganib, bago ipadala ang isang email, dapat mo munang isipin kung mas mainam bang talakayin ang usaping paksa nang kaharap ang tao o sa pamamagitan ng telepono. Direktang ipasa ang anumang email sa legal department ng iyong kumpanya kung naniniwala ka na naglalaman ito ng isang bagay na malamang na magreresulta sa paglilitis.

# Kumpidensyal na Impormasyon, Pagkapribado at Pagprotekta ng Data at Mga Kahilingan ng Media

Isa sa pinakamahahalagang asset natin ay ang impormasyong binubuo natin sa panahon ng pagnenegosyo. Kasama rito ang hindi pampublikong impormasyon na maaaring materyal sa mga mamumuhunan, magagamit ng mga kalaban sa negosyo o kung hindi naman ay makakasira sa FedEx o sa ating mga customer o empleyado kung ihahayag sa isang hindi awtorisadong paraan (“Kumpidensyal na Impormasyon”). Kasama sa kumpidensyal na impormasyon ang mga lihim sa kalakalan, hindi pampublikong impormasyon tungkol sa mga pribadong asset ng negosyo, kita ng FedEx, teknolohiya, mga plano atistratehiya sa negosyo, intelektwal na ari-arian at impormasyon ng supplier at customer. Napakahalaga ng pagprotekta sa Kumpidensyal na Impormasyon para sa ating patuloy na pag-unlad at kakayahang makipagkumpitensya.

Dapat magkaroon ng pag-iingat upang protektahan ang Kumpidensyal na Impormasyon ng FedEx. May obligasyon kang protektahan ang Kumpidensyal na Impormasyon at hindi ito ihayag o gamitin nang mali sa parehong panahon ng iyong trabaho o pamamasukan at sa panahon pagkatapos. Hindi mo dapat ihayag kailanman ang Kumpidensyal na Impormasyon sa anumang anyo o forum, kabilang ang mga blog, social media site, wiki, online chat room, elektronikong bulletin board o katulad na mga forum sa Internet na naaabot ng publiko.

Dapat ka ring mag-ingat kapag tinatalakay ang mga pakikipagnegosyo ng FedEx sa mga pampublikong lugar kung saan maaaring mapakinggan ang mga pag-uusap, tulad ng mga restaurant o elevator. Iwasan ang pagbabasa ng mga dokumentong may Kumpidensyal na Impormasyon kapag nasa mga pampublikong lugar, tulad ng mga eroplano o tren, at huwag itapon ang mga ito kung saan maaari itong makuha ng ibang tao. Ilalahad mo lamang ang Kumpidensyal na Impormasyon sa iba pang mga empleyado ng FedEx kung mayroon silang lehitimong pangangailangan na may kaugnayan sa negosyo upang malaman ang impormasyon. Kung saan naaangkop, at nakaayon sa mga patakaran sa pagpapanatili ng dokumento na nalalapat sa iyong trabaho, dapat isagawa ang pagtatapon ng mga dokumentong naglalaman ng Kumpidensyal na Impormasyon sa pamamagitan ng shredding. Hindi mo dapat gamitin kailanman ang Kumpidensyal na Impormasyon ng FedEx para sa personal na pagkamit o para sa benepisyo ng mga tao sa labas ng FedEx.

Sensitibo rin ang FedEx sa maling paggamit ng personal na data, na tumutukoy sa anumang impormasyon na maaaring gamitin upang tukuyin ang isang indibidwal, tulad ng pangalan, address, numero ng telepono, pambansang numero ng pagkakakilanlan at impormasyon ng kalusugan (“Personal na Data”). Dapat mong igalang ang pagkapribado ng lahat ng empleyado, customer at Kontraktor ng FedEx. Naninindigan ang FedEx sa pagsunod sa mga batas at regulasyon sa pagprotekta ng data hinggil sa pagkolekta, paggamit, paglipat at pagsira ng Personal na Data. Dapat mo lang kolektahin o i-access ang Personal na Data na kinakailangan upang isagawa ang mga layunin kung para saan ito kinokolekta o ina-access.

Nagpatupad ang FedEx ng teknikal, pang-administratibo at aktwal na pamamaraan upang protektahan ang Kumpidensyal na Impormasyon at Personal na Data mula sa pagkawala, maling paggamit o pagbabago. Kung malaman mong ipinahayag ang Kumpidensyal na Impormasyon sa hindi awtorisadong paraan, o ginamit nang mali ang Personal na Data, makipag-ugnayan kaagad sa legal department ng iyong kumpanya.

Kung sakaling makipag-ugnayan sa iyo ang isang reporter o iba pang kasapi ng media o isang analyst sa pamumuhunan hinggil sa bagay na may kaugnayan sa FedEx, kahit isa man itong simpleng tanong, dapat mong irekomenda kaagad ang taong iyon sa communications department ng iyong kumpanya o sa investor relations department, bilang nararapat gawin. Lubhang mahalaga na may isang taong nakikipag-usap para sa FedEx, nang sa gayon ay maiwasan natin ang pagbibigay ng mga salungat na pahayag.

Hindi pinaghihigpitan ng seksyong ito ang pakikipag-ugnayan ng o sa pagitan ng mga empleyado tungkol sa mga sahod, oras ng trabaho o iba pang tuntunin at kondisyon sa trabaho.

## **Iba Pang Mga Mapagkukunan:**

[\*\*Patakaran sa Seguridad ng Impormasyon\*\*](#)

[\*\*Mga Alituntunin sa Social Media\*\*](#)

**T:** **May malakas akong kutob na ninanakaw ng isang katrabaho ko ang mga numero ng credit card ng customer ng FedEx. Paano ko ito dapat harapin?**

**S:** Huwag akusahan nang direkta ang katrabaho. Iulat kaagad ang iyong mga alalahanin sa iyong tagapangasiwa, sa Seguridad ng FedEx o sa legal department ng iyong kumpanya. Kung hindi ka kumportableng mag-ulat sa pamamagitan ng alinman sa paraang ito o kung nais mong manatiling anonymous, dapat mong iulat ang iyong alalahanin sa pamamagitan ng Alert Line ng FedEx.

**T:** **Tumanggap kami ng taong dating nagtrabaho sa isang kalaban sa negosyo. Nalalaman niya ang pribado at kumpidensyal na impormasyon tungkol sa dati niyang employer. Ayos lang ba sa kanya na ibahagi ang impormasyong ito sa FedEx?**

**S:** Hindi. Ipinagbabawal ng patakaran ng FedEx ang paghahayag ng pribado, teknikal na impormasyon at kumpidensyal na impormasyon sa negosyo tungkol sa dati niyang kumpanya. Kahit na naipahayag ito nang hindi sinasadya, hindi mo maaaring gamitin ang impormasyon. Sa madaling salita, ituturing ng FedEx ang pribado at kumpidensyal na impormasyon tungkol sa ibang mga kumpanya sa parehong paraan na inaasahan nating ituturing ng mga dating empleyado ng FedEx ang ating Kumpidensyal na Impormasyon.

**T:** **Kasapi ako ng isang pangkat na sumusuri sa alyansang pangnegosyo sa pagitan ng FedEx at iba pang kumpanya. Kabilang sa pangkat ang mga kasapi mula sa ibang kumpanya. Maaari ba akong magbahagi ng impormasyon sa mga kasapi ng aking pangkat tungkol sa FedEx?**

**S:** Kinakailangan sa iyong sitwasyon ang labis na pag-iingat at diskresyon. Dapat na may isang kasapi ng legal department sa inyong pangkat upang tumugon sa mga naturang isyu. Sa anumang kaganapan, dapat kang kumonsulta sa legal department bago magbahagi ng anumang pribadong (hindi pampubliko) impormasyon sa ibang mga tao sa labas ng FedEx. Sa ilang partikular na pagkakataon, maaaring hilingin ng legal department sa mga taong iyon na magpairal ng mga kasunduan sa pagkakumpidensyal. Tandaan na hindi ibig sabihin na walang markang “kumpidensyal” ang isang dokumento ay maaari na itong ipahayag o na ang materyal nito ay naglalaman ng pampublikong impormasyon.

**T:** **Isa akong courier at tinitanong ako ng isa sa ating mga customer sa pagpapadala kung ano ang ipinapadala ng ibang mga tao sa kanyang gusali. Itinuturing ko na magkaibigan kami ng customer na ito. Ano ang dapat kong gawin?**

**S:** Sa kabila ng iyong personal na pakikipag-ugnayan, dapat panatilihin sa tiyak na pagkapribado ang impormasyong nakukuha natin mula sa, o tungkol sa, ating mga customer. Hindi mo maaaring ibunyag ang impormasyong ito sa sinuman sa labas ng FedEx. Higit pa rito, hindi mo dapat ibahagi ang impormasyon ng customer sa iba pang mga empleyado ng FedEx sa labas ng karaniwang proseso ng negosyo (ibig sabihin ay, sa pagkakataon lang na “kinakailangang malaman”).



Dapat magkaroon ng pag-iingat upang protektahan ang kumpidensyal na impormasyon ng FedEx.

# Pangangalalak sa Inside Information

Parehong hindi naaayon sa etika at sa batas ang paggamit ng kumpidensyal na materyal na impormasyon para sa pangangalakal ng stock, o pagti-tip sa iba pang mga nasa kalakalan. Ang materyal na inside information (impormasyong panloob) ay anumang impormasyon tungkol sa isang kumpanya (FedEx, ating mga supplier at customer) na hindi nakakaabot sa pangkalahatang merkado at malamang na ituring na importante ng mga mamumuhunan sa pagpapasyang bumili o magbenta ng stock ng kumpanyang iyon. Dapat ingatan na huwag makuha ng iba ang naturang impormasyon, (hal., isang kamag-anak, kasamahan o kaibigan) kung saan maaari nila

itong pagkakitaan. Bukod pa rito, pinagbabawalan ang mga miyembro ng lupon, opisyal at direktor na nangangasiwa (at ang mga kasapi ng kanilang pamilya) sa pangangalakal ng mga sapi ng FedEx sa panahong ipinatutupad ng kumpanya ang “mga panahon ng pananahimik.”

## Iba Pang Mga Mapagkukunan:

### [Manual sa Stock](#)

Mahigpit na ipinagbabawal ang Pangangalakal sa Impormasyong Panloob.



**T:** Nalalaman ko na ang isang kasamahan ko sa FedEx ay may tinatrabahong malaking kontrata sa isang bagong supplier. Maaari ko bang isagawa ang pangangalakal ng stock ng FedEx? Ang stock ng bagong supplier? Ang stock ng isa sa mga kalaban sa negosyo ng bagong supplier?

**S:** Kung gusto mong bumili o magbenta ng anumang stock ng kumpanya dahil sa impormasyong nakuha mo tungkol sa bagong kontrata, ang sagot ay hindi. Kung ang kontrata ay malamang na makatuwirang maging mahalaga sa FedEx, sa bagong supplier o sa kalaban sa negosyo ng bagong supplier, pinagbabawalan kang mangalakal hanggang sa maisapubliko ang hawak mong impormasyon. Maaaring masira ang FedEx kahit sa pamamagitan ng aspeto ng insider trading. Bilang nararapat gawin, kung naghihinala ka na may hawak kang mahalagang impormasyon na hindi pampubliko, dapat kang kumonsulta sa securities at corporate law department ([securities\\_law@fedex.com](mailto:securities_law@fedex.com)) bago magsagawa ng anumang pangangalakal batay sa naturang impormasyon.

**T:** Nalaman ko na nakikipag-usap ang FedEx sa isang kumpanya hinggil sa isang posibleng alyansang pang-istratehiya, Nasabi ko ito sa isang kakilala nang hindi sinasadya. Ano ang dapat kong gawin?

**S:** Ang paglalahad ng ganitong uri ng sensitibong impormasyon ay isang paglabag sa patakaran ng kumpanya, kahit na sa paraang hindi sinasadya. Kung nagawa ang isang paglabag, dapat mong sabihan kaagad ang tumanggap na kumpidensyal ang impormasyon at hindi ito dapat ibahagi sa sinuman o gamitin ng tumanggap. Sa partikular, hindi dapat mangalakal ang tumanggap sa stock ng FedEx o ng kabilang kumpanya hanggang sa maisapubliko ng isa sa mga ito ang transaksyon. Dapat mo ring iulat kaagad ang paglabag sa securities at corporate law department ([securities\\_law@fedex.com](mailto:securities_law@fedex.com)), dahil ang paglabag sa batas sa insider trading ay maaaring magsailalim sa iyo at sa kumpanya sa pananagutan sa batas.

# Mga Aktibidad at Kontribusyong Pampulitika

Maaari mong suportahan ang proseso sa pulitika sa pamamagitan ng mga personal na kontribusyon o sa pamamagitan ng pagboboluntaryo ng iyong personal na oras sa mga pinili mong kandidato o organisasyon. Ang aktibidad na ito, gayunpaman, ay hindi dapat isagawa sa oras ng trabaho sa kumpanya o gamitan ng anumang kagamitan ng kumpanya tulad ng mga telepono, computer o supply. Hindi ka maaaring magsagawa o mangako ng kontribusyong pampulitika sa ngalan ng FedEx.

**Iba Pang Mga Mapagkukunan:**

**[Patakaran sa Mga Kontribusyong Pampulitika](#)**

**T:** **Maaari ba akong magsagawa ng mga personal na kontribusyong pampulitika?**

**S:** Oo. Ang mga personal na kontribusyong pampulitika ay hindi ipinagbabawal at ganap na isang usapin ng personal na kagustuhan.

**T:** **Lubos kong sinusuportahan ang isang kandidato para sa isang pwesto sa susunod na halalan. Maaari ba akong mamigay ng pampletong pangkampanya sa trabaho?**

**S:** Hindi. Ang pamamahagi ng mga naturang materyal sa oras ng trabaho o sa mga lugar ng trabaho ay isang hindi katanggap-tanggap na paggamit ng ari-arian at oras ng kumpanya at maaaring lumikha ng maling impresyon na iniendorso ng FedEx ang isang partikular na kandidato.

**T:** **Maaari ba akong magsalita sa isang rally na pampulitika na isasagawa sa labas ng oras ng negosyo?**

**S:** Oo. Gayunpaman, dapat mong linawin sa mga sponsor ng kaganapan na hindi mo kinakatawan ang FedEx. Gayundin, hindi ka dapat magsuot ng uniform ng FedEx o ng anumang item na may nakalagay na pangalan ng FedEx. Hindi dapat isipin ng mga nanonood sa iyo sa rally na iniendorso ng FedEx ang isang partikular na kandidato o pananaw sa pulitika.

**T:** **Kinakailangan ko bang mag-ambag sa komite sa pagkilos na pampulitika ng FedEx?**

**S:** Natural hindi. Maaari kang makibahagi, ngunit mahigpit na ipinatutupad na boluntaryo ang lahat ng kontribusyon at hindi kakaltasan ng buwis. Tandaan na tanging mga mamamayan ng U.S. (na nakatira saanman sa buong mundo) at mga dayuhang mamamayan na nakatira sa U.S. at ang mga tinatanggap ayon sa batas na manirahan nang permanente sa U.S. ang pinapayagang mag-ambag sa komite sa pagkilos na pampulitika ng FedEx.



# Mga Batas sa Antitrust at Iba Pang Kumpetisyon ng U.S.

Wakasan kaagad ang mga hindi naaangkop na pag-uusap at iulat ang mga ito sa legal department.



Ang mga batas sa antitrust, na kilala rin bilang mga batas sa kumpetisyon sa labas ng U.S., ay ginawa upang tiyakin ang isang patas at kumpetitibong sistema ng malayang kalakalan kung saan walang iisang kumpanyang may monopolyo sa pagbibigay ng isang serbisyo o produkto. Masiglang nakikipagkumpitensya ang FedEx sa merkado at sumusunod tayo sa mga naaangkop na batas sa antitrust at kumpetisyon saanman tayo nagnenegosyo. Nangangahulugan ito na nakikipagkumpitensya tayo batay sa kalidad ng ating mga serbisyo, presyo at pagtangkilik ng customer.

Ang ilan sa mga pinakamatinding paglabag sa antitrust ay nagaganap sa pagitan ng mga magkalaban sa negosyo, tulad ng mga kasunduan upang aregluhin ang mga presyo o upang hatiin ang mga customer, teritoryo o pamilihan. Kung kaya naman napakahalaga para sa iyo na iwasan ang mga pakikipagtalakayan sa mga kalaban sa negosyo hinggil sa mga customer, pagpepresyo o mga patakaran atistratehiya sa pagpepresyo, mga bid, diskwento, data ng sweldo ng empleyado, pagbabayad sa mga kontraktor, promosyon, tuntunin at kondisyon ng benta at anumang iba pang pribado o kumpidensyal na impormasyon. Tandaan na ang mga labag sa batas na kasunduan ay hindi

kinakailangang nakasulat o kahit buuin ng mga ipinahahayag na pangako. Ang mga kasunduan ay maaaring ipahiwatig batay sa “bulung-bulungan,” mga hindi pormal na talakayan, o simpleng palitan ng ilang partikular na impormasyon. Nalalapat din ang mga batas sa antitrust at kumpetisyon sa iba pang mga sitwasyon, tulad ng mga pagtatangka sa pag-benchmark, pagpupulong ng asosasyong pangkalakalan o alyansang pang-istratehiya kung saan magkakasama ang mga magkalaban sa negosyo. Kung humantong ang isang pakikipag-usap sa kalaban sa negosyo sa hindi naaangkop na paksa, dapat mong wakasan kaagad ang pakikipag-usap at iulat kaagad ito sa legal department ng iyong kumpanya.

## **Iba Pang Mga Mapagkukunan:**

[\*\*Patakaran sa Pagsunod sa Mga Batas sa Antitrust/ Kumpetisyon\*\*](#)

[\*\*Mga Alituntunin ng FedEx para sa Pakikibahagi sa Mga Asosasyong Pangkalakalan\*\*](#)

# Mga Batas sa Antitrust at Iba Pang Kumpetisyon ng U.S.

**T:** Niyaya akong sumali sa isang asosasyong pangkalakalan. Ayos lang ba ito?

**S:** Bago sumali sa isang asosasyong pangkalakalan, dapat kang humingi at makakuha ng pahintulot mula sa legal department ng iyong kumpanya. Gayundin, tandaan na ang ilang kasapi ng asosasyong pangkalakalan ay mga kalaban din natin sa negosyo at maaaring nalalapat ang mga batas at regulasyon sa antitrust. Dapat ay ganap na malaya ang bawat kasapi upang magtakda ng sarili nitong mga presyo, antas ng produksyon at benta, at pumili ng mga pamilihan, customer at supplier nito. Hindi dapat magkaroon ang mga kasapi ng mga kasunduan (berbal, nakasulat, o kahit pahiwatig) na maghihigpit sa mga malayang pagpapasyang ito. Dapat mong iwasan ang mga talakayan sa pagpepresyo o alinman sa iba pang mga isyung pang-istratehiyang ito, sa mga pormal na pagpupulong man, kaswal na pagkikita-kita, sa pamamagitan ng email o ng one-on-one na pag-uusap. Maging pamilyar sa Mga Alituntunin sa Asosasyong Pangkalakalan ng FedEx. Kung mayroong anumang tanong tungkol sa isang partikular na aktibidad ng anumang naturang asosasyon, sumangguni kaagad sa legal department ng iyong kumpanya.

**T:** Ano ang mga halimbawa ng mga “katanggap-tanggap” na pamamaraan upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga kalaban sa negosyo?

**S:** Ang pangunahing pagtuunan ay ang paggamit ng impormasyong nakapubliko. Kabilang sa mga halimbawa ang mga taunang pag-uulat, nai-file na dokumento alinsunod sa regulasyong pampamahalaan, stockbroker o pag-aanalisa ng mga eksperto sa transportasyon, pahayag sa press, journal sa Internet at kalakalan.

**T:** Sinabi sa akin ng isa sa aking mga customer kung magkano ang sinisingil sa kanya ng isa sa ating mga kalaban sa negosyo para sa pagpapadala. Maaari ko bang gamitin ang impormasyon sa pagpepresyong ito upang tangkaing makakuha ng kumpetitibong pagpepresyo para sa customer na ito?

**S:** Oo. Kung sasabihin sa iyo ng isang customer ang pagpepresyong ibinigay ng isang kalaban sa negosyo, maaari mong gamitin ang pagpepresyong ito upang tangkaing makakuha ng kumpetitibong pagpepresyo para sa customer. Gayunpaman, hindi mo maaaring hingin mula sa mga customer ang pagpepresyo ng kalaban sa negosyo o tangkaing makakuha ng pagpepresyo ng kalaban sa negosyo sa pamamagitan ng mapanlinlang na pamamaraan tulad ng pagtawag sa isang kalaban sa negosyo at pagpapanggap na isang potensyal na customer o paghiling sa isang kasalukuyan o potensyal na customer na kumuha ng impormasyon sa pagpepresyo para sa iyo. Kung nakatanggap ka ng impormasyon mula sa mga customer, hindi ito dapat ibahagi sa mga kalaban sa negosyo at hindi natin dapat gamitin ang mga customer bilang daan sa pagpapasa ng impormasyon sa pagpepresyo (sa FedEx o sa ibang paraan) sa mga kalaban sa negosyo.

Dapat panatilihin kumpidensyal ang impormasyon ng customer.



# Panloob na Pag-uulat at Mga Kontrol; Pagpapanatili ng Mga Rekord

Pinapanatili ang sapat na rekord upang matugunan ang ating mga layunin at kinakailangan sa pananalapi, batas, regulasyon at operasyon. Karamihan ng mga empleyado at Kontraktor ng FedEx ay may kinalaman sa mga rekord ng ilang uri, tulad ng paghahanda ng mga time sheet, statement ng gastos o log ng mga oras ng serbisyo, pag-apruba ng invoice, pag-uulat ng impormasyon ng customer, paglagda sa resibo ng biniling materyales o paghahanda ng mga ulat ng imbentaryo. Bagama't maaaring hindi kailangan na maging pamilya ang lahat sa atin sa mga pamamaraan ng accounting, kailangan nating tiyakin na napapanatili ang naaangkop na mga rekord sa negosyo at na ang mga naturang rekord ay tumpak, kumpleto at maaasahan. Hindi kukunsintihin ang pamemeke o hindi awtorisadong pagwasak ng anumang dokumento o rekord ng kumpanya, sa papel man, tape, disk, video, elektronikong media o sa anumang iba pang format.

Pinapanatili ng FedEx ang isang system ng mga panloob na kontrol na, kasama ng iba pang mga bagay, ay tumitiyak sa integridad at katumpakan ng mga rekord sa negosyo at pananalapi ng FedEx. Dapat mong sundin ang mga kinakailangan sa panloob na kontrol na naaangkop sa iyong trabaho at tiyakin na ang lahat ng rekord ng negosyo na napapasailalim sa responsibilidad mo ay totoo at tumpak na sumasalamin sa mga transaksyong nirekord. Ang mga hindi narekord o "mga off-the-book" na pondo at asset ay hindi dapat panatilihin para sa anumang layunin at ang lahat ng transaksyon ng kumpanya, malaki o maliit, ay dapat maisadokumentado at maitala nang wasto. Kung saan naaangkop sa iyong trabaho, dapat mong ihambing nang regular ang mga nakasulat na rekord ng asset sa mga

aktwal na asset. Ang peke, nagbibigay ng maling kahulugan o hindi kumpletong impormasyon ay humahadlang sa ating kakayanang gumawa ng mahusay na pagpapasya, sumisira ng tiwala sa loob ng mahabang panahon, at maaaring lumabag sa batas sa ilang sitwasyon. Dapat mo ring tiyakin na mga awtorisadong tao lang ang magsasagawa ng mga transaksyon sa ngalan ng FedEx o ang magkakaroon ng access sa mga asset ng FedEx. Sumangguni sa finance o legal department ng iyong kumpanya kung may mga tanong ka tungkol sa mga panloob na kontrol ng FedEx.

Maaaring makalito ang pag-alam kung anong mga rekord at impormasyon ang pananatilihin – at kung gaano katagal. Ang ating mga kinakailangan sa pagpapanatili ay kadalasang nakabatay sa mga partikular na batas at mga regulatoryong kinakailangan na natatangi sa isang partikular na operasyon o gawain sa negosyo. Nalalapat ang mga naturang kinakailangan sa pagpapanatili sa lahat ng rekord ng FedEx, kabilang ang email at iba pang mga elektronikong rekord. Ang hindi pagsunod sa ating mga patakaran sa pagpapanatili ng mga rekord, kahit dahil sa kainosentehan tungkol dito, ay maaaring magdulot ng mga malubhang epekto sa negosyo at sa pananagutan sa batas. Huwag mag-atubiling sumangguni sa iyong tagapangasiwa, Contact sa Kumpanya o legal department ng iyong kumpanya kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa pagpapanatili ng mga rekord.

Huwag sirain o baguhin ang anumang dokumento o rekord kung sa tingin mo ay maaari itong maging paksa ng anumang nakabinbin, pinagbabantaan o malamang na paghahabol, pagtatalo o proseso, ito man ay para sa pag-iimbestiga, pang-administratibo o panghukuman.

**T:** Regular kong tinatanggal ang mga mensahe sa email alinsunod sa mga kinakailangan sa pagpapanatili ng rekord ng FedEx. Nalaman ko na lang na maaaring mademanda ang FedEx, at naalala ko na nagtanggap ako kamakailan ng ilang email na maaaring may kaugnayan dito. Ano ang dapat kong gawin?

**S:** Abisuhan ang iyong tagapangasiwa, ang legal department ng iyong kumpanya at makipag-ugnayan sa empleyado ng teknolohiya ng impormasyon na nagseserbisyo sa iyong lugar. Madalas na posibleng maibalik ang mga kamakailan natanggap na file sa computer (kabilang ang email).

**T:** Habang pinagtutugma ko ang aking buwanang forecast sa aktwal na mga numero para sa buwan, naitala ko na lumampas ang aking mga aktwal na gastos sa aking forecast nang ilang libong dolyar. Madali kong maisasaayos ang ganoon kaliit na diperensya at mailalagay ang halaga ng diperensya sa statement ng susunod na buwan. Mayroong bahagi kung saan ito mailalagay at maaari kong masakop ang karagdagang gastos sa aking forecast para sa susunod na buwan. Pagod na kong "mapagalitan" dahil sa hindi ko pagkakasunod sa aking mga forecast. Dapat ko bang gawin ang pagsasaayos?

**S:** Hindi. Dapat irekord ang mga kita at gastos sa tamang panahon, gayundin ang bawat transaksyon sa negosyo at pananalapi, hindi man ito mahalaga, dapat pa rin itong iulat nang tumpak at tapat. Isang seryosong paglabag ang pamemeke ng anumang dokumento o rekord ng kumpanya at magresulta ito sa iyong pagkakaalis sa trabaho.



# Pag-uulat na Pangkorporasyon at Paghahayag sa Publiko ng Impormasyon ng Korporasyon

Naninindigan ang FedEx sa ganap na transparency ng ating mga pahayag sa publiko.



Naninindigan tayo sa pagbibigay ng kumpleto, patas, tumpak, napapanahon at nauunawaang pahayag sa ating pakikipag-ugnayan sa publiko at sa mga ulat at dokumentong ipinapasa natin sa mga awtoridad sa regulasyon, kabilang ang U.S. Securities and Exchange Commission (“SEC”). Kinakailangan ang mahigpit na pagsunod sa parehong diwa at salita ng mga batas na namamahala sa mga pahayag sa publiko at pag-uulat sa SEC. Bibigyang-daan ng ating mga pahayag ang mga stockholder upang maunawaan (i) ang mga nakikita nating pangunahing oportunidad sa negosyo, (ii) ang mga pinamamahalaan nating isyu at panganib, (iii) ang mga ginagamit nating kritikal na patakaran sa accounting at (iv) ang mga ginagawa nating mahalagang pagpapasya sa paghahanda ng ating mga statement sa pananalapi.

Tanging ilang partikular na empleyado ng FedEx lang ang may pahintulot upang maglabas ng impormasyon tungkol sa at sa ngalan ng FedEx bilang bahagi ng kanilang mga regular na tungkulin, alinsunod sa ating mga itinakdang pamamaraan. Ang mga pakikipag-ugnayan sa ngalan ng FedEx sa mga kasapi ng media o analyst ng pamumuhunan ay dapat ikoordina sa communications department o investor relations department ng iyong kumpanya, bilang nararapat gawin.

# Mga Ulat Tungkol sa Accounting, Mga Isyu ng Pag-audit at Pandaraya

Iulat ang mga alalahanin tungkol sa mga kaduda-dudang gawain sa accounting at pandaraya.



Kung may malaman kang kaduda-duda sa accounting, mga panloob na kontrol sa accounting, mga isyu ng pag-audit o may kaugnayan sa pandaraya sa FedEx, kinakailangan mo itong iulat. Ang hindi pag-uulat ng naturang impormasyon ay maaring magresulta sa parusa na hanggang sa, at kabilang ang, pagkakaalis sa trabaho alinsunod sa mga lokal na batas at regulasyon. Kabilang sa mga halimbawa ng naturang alalahanin ang:

- Pandaraya o intensyonal na pagkakamali sa paghahanda, pagtatantya, pagsusuri o pag-o-audit ng anumang statement sa pananalapi ng FedEx;
- Pandaraya o intensyonal na pagkakamali sa pagrerekord at pagpapanatili ng mga rekord sa pananalapi ng FedEx;
- Kakulangan sa, o hindi pagsunod sa, mga panloob na kontrol sa accounting ng FedEx;
- Pagbibigay ng maling representasyon o maling statement sa, o ng, isang senior officer o accountant tungkol sa isang bagay na kasama sa mga rekord sa pananalapi, ulat sa pananalapi at ulat sa pag-audit ng FedEx;

- Pagtaliwas sa kumpleto at patas na pag-uulat ng pinansyal na kondisyon ng FedEx; o
- May pandarayang paggamit ng mga kagamitan ng kumpanya o customer.

Dapat gawin ang mga pag-uulat sa Executive Vice President at General Counsel o Corporate Vice President at Global Chief Compliance & Governance Officer ng FedEx Corporation o sa pamamagitan ng paggamit sa Alert Line ng FedEx.

Ipinagbabawal ng FedEx ang anumang anyo ng pagganti laban sa isang taong mag-uulat nang may malinis na hangarin ng anumang alam o pinaghihinalang maling gawain.

## **Iba Pang Mga Mapagkukunan:**

**[Patakaran sa Pagtrato ng Mga Reklamo Hinggil sa Mga Isyu ng Accounting at Pag-audit](#)**

# Pag-uulat ng Mga Alalahanin; Alert Line ng FedEx

Kung may alam o pinaghihinalaan kang paglabag sa anumang batas, regulasyon, Kodigong ito o anumang iba pang patakaran ng FedEx, anumang pag-uugaling hindi etikal na may kaugnayan sa FedEx, o anumang kaduda-duda sa accounting, mga panloob na kontrol sa accounting, mga isyu sa pag-audit o pandarayang may kaugnayan sa FedEx, dapat mo itong iulat kaagad sa:

- iyong tagapangasiwa;
- Contact sa Kumpanya;
- legal department ng iyong kumpanya;
- human resources department ng iyong kumpanya; o
- gamitin ang mga proseso sa pagrereklamo sa iyong kumpanya.

Hinihikayat ka naming makipag-usap sa iyong mga tagapangasiwa, Contact sa Kumpanya, kasapi ng legal o human resources department ng iyong kumpanya o iba pang naaangkop na empleyado kapag nag-aalangan tungkol sa pinakamahusay na proseso ng pagkilos sa isang partikular na sitwasyon. Kung nag-ulat ka ng isang paglabag o pinaghihinalaang paglabag sa iyong tagapangasiwa, Contact sa Kumpanya o isang kasapi ng human resources department ng iyong kumpanya at hindi ginawan ng naaangkop na pagkilos, dapat kang makipag-ugnayan sa legal department ng iyong kumpanya.

Kung, matapos gamitin ang alinman sa mga paraan sa itaas, hindi pa rin natutugunan ang iyong alalahanin, hindi ka kumportable sa pag-uulat sa alinman sa mga paraang ito o kung nais mong manatiling anonymous, dapat mong iulat ang iyong alalahanin sa Alert Line ng FedEx, alinsunod sa mga naaangkop na lokal na batas at regulasyon ng bansa.

**T:** **Pumaparada ang isa sa aking mga katrabaho sa lugar na nakatalaga sa mga taong may kapansanan kahit na wala naman siyang kapansanan. Dapat ba akong makipag-ugnayan sa Alert Line ng FedEx?**

**S:** Dapat kang sumangguni muna palagi sa iyong tagapangasiwa para sa anumang alalahanin. Kung hindi ka kumportableng sabihin ang mga alalahaning ito sa iyong tagapangasiwa o hindi tinugunan ng iyong tagapangasiwa ang iyong mga alalahanin, dapat mong iparating ang mga alalahaning ito sa human resources o legal department ng iyong kumpanya. Kung nais mong manatiling anonymous, hindi ka kumportableng gamitin ang alinman sa paraang ito o direktang may kaugnayan sa iyong alalahanin ang mga empleyadong nasa mga paraang ito, dapat kang makipag-ugnayan sa Alert Line ng FedEx.

Binibigyang-daan ka ng Alert Line ng FedEx na magbigay ng mga anonymous at kumpidensyal na ulat ng anumang alam o pinaghihinalaang paglabag sa batas, sa Kodigo o ng anumang patakaran ng kumpanya o iba pang pag-uugaling hindi etikal.

Maaaring mag-ulat sa pamamagitan ng pagtawag sa isang numero ng telepono na toll-free o sa pamamagitan ng pagsagot sa isang questionnaire online. Magagamit ng mga empleyado at Kontraktor ng FedEx ang parehong hotline ng telepono at pag-uulat online nang 24 na oras sa isang araw saanmang panig ng mundo sa sakop na pinapayagan ng naaangkop na batas. Mga taong may kasanayan na hindi empleyado ng FedEx ang nakatalaga sa Alert Line ng FedEx. Agad na ipapasa ang impormasyong ibibigay mo gamit ang Alert Line ng FedEx sa mga naaangkop na partido, kung saan maaaring kabilang ang mga kasapi ng senior management at mga tao mula sa alinman o lahat ng sumusunod na departamento ng FedEx legal, security, human resources at internal audit. Kapag nakipag-ugnayan ka sa Alert Line ng FedEx, may itatalagang numero ng kontrol sa iyong ulat na magbibigay-daan sa iyo na mag-follow up upang makatanggap ng update sa isyu mula sa FedEx, kung mayroon mang makukuha, o upang magbigay ng karagdagang impormasyon.

**Ang Alert Line ng FedEx: 1.866.42.FedEx  
(1.866.423.3339)**

**[www.fedexalertline.com](http://www.fedexalertline.com)**

Ang mga tumatawag mula sa ibang bansa ay dapat sumangguni sa [www.fedexalertline.com](http://www.fedexalertline.com) upang mahanap ang numerong naaangkop sa kanilang rehiyon o bansa.

Ipinagbabawal ng FedEx ang anumang anyo ng pagganti laban sa isang taong mag-uulat nang may malinis na hangarin ng anumang alam o pinaghihinalaang maling gawain.

# Pag-uulat ng Mga Alalahanin; Alert Line ng FedEx

Nagbibigay-daan ang Alert Line ng FedEx sa anonymous at kumpidensyal na pag-uulat.



**T:** Nag-aalala ako na gagantihan ako ng isang tagapangasiwa dahil sa pag-uulat ko ng isang posibleng paglabag ng mga patakaran ng kumpanya. Ano ang ating patakaran?

**S:** Ipinagbabawal ng FedEx ang pagganti, sa anumang anyo nito, dahil sa pag-uulat nang may malinis na hangarin. Bibigyan ng pagwawasto at/o parusa ang sinumang gaganti nang direkta o hindi direkta laban sa sinumang nag-ulat ng alam o pinaghihinalang paglabag ng mga patakaran ng kumpanya.

**T:** Nag-aalala ako na maaaring nandaraya sa kumpanya ang aking tagapangasiwa, ngunit hindi talaga ako sigurado. Ano ang dapat kong gawin?

**S:** Iulat kaagad ang iyong alalahanin sa legal department ng iyong kumpanya. Kung hindi ka kumportableng mag-ulat sa legal department o nais mong manatiling anonymous, makipag-ugnayan sa Alert Line ng FedEx at magbigay ng sapat na detalye. Aling paraan man ang gamitin mo, maingat na pangangalagaan ang iyong impormasyon sa panahon ng imbestigasyon. Kung wala kaming mahahanap na sariling karagdagang ebidensya hinggil sa iyong alalahanin, walang isasagawang pagkilos laban sa iyong tagapangasiwa at walang isasagawang pagkilos laban sa iyo para sa pag-uulat nang may malinis na hangarin. Kahit na maghinala ang iyong tagapangasiwa na nag-ulat ka tungkol sa kanya, mahigpit naming ipinagbabawal ang anumang anyo ng pagganti laban sa iyo para sa pag-uulat ng iyong alalahanin nang may malinis na hangarin.

**T:** Inuutusan ako ng aking tagapangasiwa na gumawa ng mga bagay na sa palagay ko ay lumalabag sa mga patakaran ng kumpanya. Ano ang dapat kong gawin?

**S:** Makipag-ugnayan sa sumunod na antas ng pangasiwaan ng FedEx o sa isang kasapi ng human resources department ng iyong kumpanya. Maaari niyang talakayin sa iyo ang mga patakaran ng kumpanya at tugunan ang iyong mga alalahani hinggil sa mga nakikitang paglabag. Kung hindi malutas ang sitwasyon, o kung hindi ka kumportableng makipag-usap sa indibidwal na ito hinggil sa isyu, makipag-ugnayan sa legal department ng iyong kumpanya o sa Alert Line ng FedEx.

**T:** Mayroon bang anumang paghihigpit ng batas sa kung ano ang maaaring iparating sa pamamagitan ng Alert Line?

**S:** Walang paghihigpit ng batas sa mga uri ng isyung maaaring iparating sa pamamagitan ng Alert Line sa United States. Gayunpaman, sa ilang partikular na lokasyon sa ibang mga bansa, maaaring paghihigpitan ng lokal na batas ng bansa kung ano ang maaari mong iulat sa pamamagitan ng Alert Line. Kung hindi ka sigurado kung maaari mo bang iulat ang isang isyu sa pamamagitan ng Alert Line o hindi, makipag-ugnayan sa legal department ng iyong kumpanya. Kung hindi maaaring gamitin ang Alert Line para sa iyong isyu, hinihikayat ka naming gamitin ang bawat iba pang paraan na maaari mong magamit, kabilang ang iyong tagapangasiwa, ang proseso ng paglaktaw ng antas, human resources o legal department ng iyong kumpanya.

# Walang Paghihiganti

Hinihikayat ng FedEx ang mga empleyado at Kontraktor nito upang mag-ulat ng mga alam o pinaghihinalang paglabag sa batas at etika o mga paglabag sa Kodigong ito. Walang sinuman na mag-uulat sa malinis na hangarin ng alam o pinaghihinalang paglabag ang gagawan ng pagganti, o sa kaso ng isang empleyado, ng hindi naaangkop na pagkilos sa trabaho. Ipinagbabawal din natin ang pagganti laban

sa sinumang tumutulong sa isang imbestigasyon. Ang sinumang mapag-alamang gumanti laban sa isang tao na sa malinis na hangarin ay nag-ulat ng paglabag, o tumulong sa isang imbestigasyon, ay sasailalim sa parusa na, hanggang sa at kabilang ang pagkakaalis sa trabaho.

Ipinagbabawal ng FedEx ang pagganti laban sa isang tao na sa malinis na hangarin ay nag-ulat ng isang paglabag.

- T:** Naniniwala ako na nakakuha ako ng mababang ebalwasyon sa pagganap pagkatapos kong magreklamo tungkol sa pagtatrato ng isang item sa accounting. Sa mga nakaraan, palagi akong nakakakuha ng mahuhusay na review. Ano ang maaari kong gawin?
- S:** Ipinagbabawal ng FedEx ang anumang pagganti laban sa mga empleyadong nagpaparating ng kanilang mga alalahanin sa malinis na hangarin. Kung naniniwala ka na ikaw, o iba pang empleyado, ay ginantihan, dapat kang makipag-ugnayan sa legal o human resources department ng iyong kumpanya hinggil sa iyong mga alalahanin. Kung, pagkatapos gamitin ang alinman sa mga paraan sa itaas, ay hindi pa rin natutugunan ang iyong alalahanin, o kung hindi ka kumportableng mag-ulat sa pamamagitan ng alinman sa mga paraan na ito, dapat mong iulat ang iyong alalahanin sa Alert Line ng FedEx.



# Mga Waiver

Anumang waiver ng mga prinsipyo at gawing itinakda alinsunod sa Kodigong ito para sa mga executive officer o miyembro ng Lupon ng Mga Direktor ng FedEx Corporation ay maaari lang isagawa nang may ipinahahayag na awtorisasyon ng Lupon ng Mga Direktor. Anumang naturang waiver ay kaagad na ipahahayag sa publiko.



# Pagpapatupad

Patakaran nating pigilan ang kaganapan ng pag-uugaling labag sa etika o batas, upang kaagad na matigilan ang anumang naturang pag-uugali na natukoy at disiplinahin ang mga taong sangkot sa naturang pag-uugali. Didisiplinahin natin ang mga tagapangasiwa na hindi naisagawa ang naaangkop na pangangasiwa at pamamahala, dahilan upang bigyang-daan ang hindi pagkakatumukoy sa naturang pag-uugali. Lahat ng miyembro ng pangkat ay mayroong tungkuling makipagtulungan sa at, depende sa sitwasyon, panatilihin ang mahigpit na pagkakumpidensyal ng mga panloob na pagsisiyasat upang protektahan ang mga interes ng FedEx, ng ating mga customer at mga kapwa kasapi sa pangkat.

Ang pagtaliwas sa mga alituntuning itinakda alinsunod sa Kodigong ito o sa iba pang mga patakaran ng FedEx ay maaaring magkaroon ng seryosong epekto sa parehong mga indibidwal na sangkot at sa FedEx. Ang pagkilos

na lumalabag sa mga alituntuning itinakda alinsunod sa Kodigong ito o sa iba pang mga patakaran ng FedEx ay bumubuo sa mga batayan ng parusa na, hanggang sa at kabilang ang pagwawakas ng trabaho o pamamasukan. Sa ilang sitwasyon, maaari ding magsampa ng demandang pangkriminal at pangсібilyan.

Mayroong ultimong responsibilidad ang Executive Vice President at General Counsel ng FedEx Corporation sa pangangasiwa ng pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas, sa Kodigong ito at sa lahat ng may kaugnayang patakaran at pamamaraan. Bawat miyembro ng pangasiwaan ng FedEx ay may responsibilidad na tiyakin ang pagsunod sa Kodigong ito, at sa lahat ng iba pang naaangkop na patakaran at pamamaraan, sa lugar na nasasakupan ng kanyang responsibilidad.

**T:** Maaari ba talaga akong maalis sa trabaho dahil sa paglabag sa mga pamantayang etikal ng FedEx?

**S:** Oo. Siniseryoso natin ang mga pamantayang etikal at ipapatupad natin ang mga ito. Halimbawa, maaari kang matanggal – anuman ang iyong posisyon – kung magnanakaw ka mula sa, o mandaraya laban, sa kumpanya. Maaari ding magresulta ang pagkakaalis sa trabaho mula sa iba pang mga paglabag tulad ng mga salungatan ng interes, panggigipit o pamememeke ng mga dokumento ng kumpanya. Maaaring ipataw ang parusa na, hanggang sa at kabilang ang pagkakaalis sa trabaho para sa anumang pagtaliwas sa Kodigong ito o mula sa anumang iba pang patakaran ng FedEx.



# Pangwakas na Payo

Ang mga naunang pahina ng Kodigong ito ay naglalarawan sa paninindigan ng FedEx sa mga gawain sa negosyo na naaayon sa batas at etika at nagsisilbing gabay sa lahat ng ating kasapi sa pangkat. Ang ating layunin ay mabigyan ka ng tamang impormasyon at kagamitan upang magampanan mo ang iyong trabaho nang may mataas na antas ng pamantayang etikal at propesyunal na inaasahan sa lahat ng may kaugnayan sa FedEx.

Bagama't dapat kang magbasa at maging pamilyar sa Kodigo (gayundin sa mga partikular na patakaran at pamamaraang naaangkop sa iyong trabaho), hindi lahat ng isyu sa etika at pagsunod ay eksakto. Walang dalawang sitwasyon ang magkatulad, at ang mistulang bahagyang pagkakaiba ay maaaring makaapekto sa kung paano dapat pangasiwaan ang isang partikular na sitwasyon. Sa mga ganitong sitwasyon, dapat mong tanungin palagi ang iyong sarili:

- Hawak ko ba ang lahat ng bagay na napatunayan?
- Lumalabag ba ito sa batas o anumang patakaran o pamamaraan ng FedEx?
- Ano ang mga kahahantungan na maaaring magresulta mula sa aking pagpapasya o kawalan ng aksyon?
- Maipagmamalaki ko bang sabihin sa mga taong iginagalang ko ang tungkol sa aking mga pagkilos?
- Gugustuhin ko bang mabasa ang tungkol dito sa pahayagan kinabukasan?
- May tao ba sa FedEx na makakapagbigay sa akin ng ilang patnubay?

Kung makita mo ang iyong sarili sa isang sitwasyon kung saan hindi ka sigurado kung ano ang gagawin, dapat kang humingi ng patnubay sa isa sa mga mapagkukunang inilalarawan sa Kodigong ito, kabilang ang iyong tagapangasiwa at human resources at legal department ng iyong kumpanya. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Corporate Integrity & Compliance Department sa [integrity@fedex.com](mailto:integrity@fedex.com).

Bawat isa sa atin ay may mahalagang tungkuling ginagampanan sa ikatatagumpay ng ating kumpanya. Sa pamamagitan ng paghahatid ng Lilang Pangako nang may integridad at katapatan, makakatulong tayo upang siguraduhin ang patuloy na pagtatagumpay ng FedEx.

Pinagtibay noong Hunyo 2, 2003  
Huling Sinusog noong Setyembre 26, 2016

Bawat isa sa atin ay may mahalagang tungkuling ginagampanan sa ikatatagumpay ng ating kumpanya.

